
# I

# Gabay sa Pagtuturo ng

## BATAYANG KURSO NG PARTIDO



# SALIGANG PROLETARYONG PANININDIGAN AT PANANAW SA REBOLUSYON (SPPPR)

## LAYUNIN


1. Mapalakas ang pang-ideolohiyang kahandaan ng mga kasapi ng Partido sa pag-aaral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM) para sa pagpapatupad ng mga rebolusyonaryong tungkulin;




2. Masapol ang:
   - **a.** tunay na kahulugan ng paglilingkod sa sambayanan;
   - **b.** kahulugan at kahalagahan ng pagbubuo ng rebolusyonaryong pagkakaisa ng mamamayan at mga kasapi ng Partido;
   - **k.** pangangailangan ng pagpapanibagong-hubog sa sarili ayon sa proletaryong pananaw sa daigdig sa pamamagitan ng tapat na pagpuna-sa-sarili at aktibong pakikitunggali sa ideolohiya; at
   - **d.** proletaryong internasyunalismo at mga paraan ng pagsasakatuparan dito.

# PAGBUBUKAS NG TALAKAYAN

1. *Ipakita ang* **Biswal SPPPR-1** *at* **Biswal Partido-1**. *Ipaunawa na upang matatag na maisulong ang rebolusyon hanggang sa tagumpay, kailangan ang isang proletaryong Partido na nasasandatahan ng MLM, malalim na nakaugat sa masa, at kaugalian ang pagpuna-sa-sarili.*




SPPPR 1 - TEORYANG GABAY: MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO



PARTIDO 1 - ANG PARTIDO ANG SULONG NA DESTAKAMENTO NG PROLETARYADO

2. *Ilahad ang mga layunin ng pag-aaral at balangkas ng paksa:*

   **A. Pagtataguyod sa MLM at pagbaka sa rebisyunismo**
   **B. Lubos at buung-buong paglilingkod sa sambayanan bilang buod ng pananaw sa daigdig ng Komunista**
   **K. Pakikipagkaisa sa malawak na mayorya ng mamamayan at mga kasama**
   **D. Pagpuna-sa-sarili at aktibong pakikitunggali sa ideolohiya**
   **E. Proletaryong internasyunalismo**

# KATAWAN NG TALAKAYAN

## A. Dapat matamang pag-aralan at isapraktika ng Komunista ang Marxismo-Leninismo-Maoismo at matatag na bakahin ang rebisyunismo.

### 1. Bakit saligang tungkulin ng Komunista ang pag-aaral sa MLM?

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN SA PAGTUTURO |
|---|---|
| **a.** Kataas-taasang tungkulin ng PKP ang paglalapat ng unibersal na katotohanan ng MLM sa kongkretong praktika ng rebolusyong Pilipino.<br><br>**b.** Pinatunayan ng mahabang karanasan ng rebolusyong Pilipino at ng kilusang Komunista sa buong daigdig na kapag wastong naisasanib ang MLM sa kongkretong praktika, sumusulong ang rebolusyon. Umaatras, napipinsala at nabibigo naman ito kapag may malulubhang paglihis sa MLM at lumalakas ang impluwensya ng rebisyunismo at oportunismo.<br><br>**k.** Ang pag-unawa sa MLM ay hindi kara-karakang nakakamit sa pagsapi sa Partido. Kailangan ang matamang pag-aaral ng MLM, puspusang paglahok sa rebolusyonaryong pakikibaka, matatag na pakikitunggali sa rebisyunismo at tuluy-tuloy na pagwaksi sa kaisipang burges at pyudal. | *Gamitin ang* ***Biswal SPPPR-1.*** *Ipaliwanag kung bakit saligang tungkulin ang pag-aaral sa MLM. Magbigay ng mga halimbawa na nagpapakita ng tama at maling pagharap sa tungkuling ito mula sa mga kongkretong karanasan.*<br><br>*Basahin ang huling talata. Tanungin ang mag-aaral kung paano makakamit ang pag-unawa sa MLM.* |

### 2. Bakit tunay na maitataguyod lamang ang MLM sa pamamagitan ng paglalapat ng unibersal na katotohanan nito sa kongkretong praktika ng rebolusyong Pilipino?

| | |
|---|---|
| **a.** Isang namumukod na katangian ng tunay na proletaryong partido ang prinsipyo ng pagsasanib ng teorya sa praktika - ang paglalapat ng MLM sa rebolusyonaryong praktika.<br><br>**b.** Susing usapin sa paglalapat ng MLM sa kongkretong praktika ng rebolusyong Pilipino ang wastong pangkalahatang linya at ang matatag at mapanlikhang pagtataguyod dito.<br><br>**k.** Ang paglalapat ng MLM sa kongkretong praktika ay nangangailangan din ng pagtataas ng praktika sa antas ng teorya. | *Patunayan mula sa mga lokal na karanasan na madaling nasasapol at nalulutas ang mga suliranin sa gawaing masa tuwing ginagamit ang MLM.*<br><br>*Gamitin ang mga halimbawang nasa teksto.* |

## 3. Paano pauunlarin ng mga Komunista ang wastong pananaw sa pag-aaral sa MLM?

Sa lahat ng gawain, ang pag-aaral sa MLM ang dapat bigyan ng nangungunang timbang ng mga Komunista. Dapat ding manguna sila sa rebolusyonaryong masa sa pag-aaral ng MLM at maging huwaran sa matamang pag-aaral.

*Basahin sa teksto ang limang pangunahing punto sa pagpapaunlad ng wastong pananaw sa pag-aaral. Hikayatin ang mag-aaral na magbigay ng mga halimbawa kaugnay ng mga punto.*

## 4. Ano ang rebisyunismo at oportunismo? Bakit dapat puspusang bakahin ang mga ito?

**a.** Ang rebisyunismo ay ang sistematikong pagrebisa sa mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo ng Marxismo-Leninismo. Ang modernong rebisyunismo ay ang rebisyunismong lumitaw sa loob ng mga sosyalistang gubyerno at mga partido komunistang nasa kapangyarihan.

**b.** Ang oportunismo ay ang pulitika ng makauring kolaborasyon: ang pagpapailalim ng pakikibaka ng manggagawa sa repormismo, parlamentarismo at sobinismong pambansa – ang pagpapailalim ng kilusang manggagawa sa interes ng burgesyang lokal at internasyunal.

**k.** Maitatayo lamang ang Marxista-Leninistang partido na may kakayahang mamuno sa masa at matatag na magsusulong ng rebolusyon sa buhay-at-kamatayang pakikibaka kapag mapagmatyag at puspusang nakikibaka sa rebisyunismo at oportunismo.

*Gamitin ang* ***Biswal SPPPR-2.***

*Idiin na ang rebisyunismo at oportunismo ay mga instrumento ng burgesya at iba pang reaksyunaryong uri laban sa proletaryado at rebolusyon.*




SPPPR 2 - REBISYUNISMO

## 5. Bakit habang may mga uri at tunggalian ng mga uri, hindi hihinto ang tungkulin ng mga Komunista na itaguyod ang Marxismo at bakahin ang rebisyunismo?

**a.** Habang may mga uri at tunggalian ng mga uri, may tunggalian sa ekonomya at pulitika, na nasasalamin din sa tunggalian sa larangan ng kultura at ideolohiya.

*Magbigay ng halimbawa ng tunggalian sa pagitan ng proletaryo at burgis na kaisipan at pananaw.*

**b.** Ang tunggalian ng mga uri ay hindi mapipigilang tumagos sa loob ng Partido, sa anyo ng tunggalian ng dalawang linya: ng proletaryong rebolusyonaryong linya at ng linyang rebisyunista at oportunista.

*Hikayatin ang mga mag-aaral na magbahagi ng mga panloob na tunggalian kung magrerebolusyon ba o hindi at paano ito hinarap.*

**k.** Susing usapin sa pagbubuo ng tunay na ML partido ang pagbubuo sa ideolohiya.

*Idiin na kahit nasa pinakamainam na katayuan ang Partido, laging naroroon ang tunggalian ng dalawang linya.*

*Awitin ang* **"Halina Halina"** *bilang panapos ng subpaksa.*

## B. Ang simulain ng buung-buo at lubos na paglilingkod sa sambayanan ang buod ng pananaw sa daigdig ng Komunista.

### 1. Bakit pundamental at mapagpasya sa bawat proletaryong rebolusyonaryo ang katanungang "para kanino?"

**a.** Ang proletaryong kilusan ay ang sariling kilusan ng malawak na mayoryang anakpawis sa pamumuno ng manggagawa para sa interes ng malawak na mayorya. Ultimong layunin nito ang wakasan ang pagsasamantala ng tao sa tao.

**b.** Tinitiyak ng isang komunista na ang kanyang ginagawa ay naglilingkod sa proletaryado, malawak na masang anakpawis at rebolusyon. Ang pinakapundamental na usapin at panuntunan: Ito ba ay makapagpapalakas o makapagpapahina sa rebolusyon, sa uring manggagawa at sa malawak na masang pinagsasamantalahan at inaapi?

*Ipasagot sa mag-aaral kung bakit mapagpasya ang tanong na "para kanino?" Maaaring gamitin ang paraan ng paghahambing o pag-iiba ng mga karanasan ng mag-aaral kung nakapagpahina o nakapagpasulong sa rebolusyon.*

*Lagumin at ipaliwanag ang mahahalagang punto.*

### 2. Ano ang kahulugan ng buung-buo at lubos na paglilingkod sa sambayanan?

**a.** Ito ay ang prinsipyo ng pagpapailalim ng interes ng indibidwal at kakaunti sa interes ng kabuuan at nakararami. Ang pagmimithi ng kabutihan hindi para sa sarili lamang kundi para sa sambayanan ang prinsipyong buod ng diwang komunista. Ito rin ang prinsipyong buod ng diwa at prinsipyo ng Partido.

*Gamitin ang* **Biswal SPPPR 3-A** *at* **3-B**. *Talakayin nang tuluy-tuloy ang* **Tanong 2, 3, 4**. *Magbigay ng mga halimbawa buhat sa karanasan ng mag-aaral.*

**b.** Ang paglilingkod sa sambayanan ay pagtataguyod sa tuwina sa obhetibong interes ng sambayanan na konsentradong nasasalamin sa linya at programa ng Partido.

*Ilagay sa istrip at ipaliwanag ang pangungusap ni Kasamang Mao:* ***"Maging maingat at mapagpakumbaba, maging mapagbantay sa kagaspangan at arogansya at buong pusong paglingkuran ang sambayanan."***




SPPPR 3a - PAGLINGKURAN ANG SAMBAYANAN




SPPPR 3b

## 3. Ano ang kahulugan ng walang-hanggang pagpapahalaga sa tungkulin?

Ang walang-hanggang pagpapahalaga sa tungkulin ay pagsasabuhay sa diwa ng buung-buo at lubos na paglilingkod sa sambayanan.

## 4. Ano ang wastong pananaw ng Komunista sa mga kahirapan, sakripisyo, kagipitan at kamatayan?

Ang kahirapan, kagipitan, sakripisyo at kamatayan ay di maiiwasang bahagi ng rebolusyon. Ang pagharap sa mga ito nang walang pag-aalintana at pagdadalawang-isip ang wastong paninindigan ng Komunista.

*Isulat at ipabasa sa mag-aaral ang pangungusap ni Kasamang Mao sa unang talata. Hingin ang kanilang mga opinyon hinggil dito.*

*Awitin ang "***Paglingkuran ang Sambayanan***" bilang pagsumada sa subpaksa.*

## K. Ang Komunista ay dapat magpakahusay sa pakikipagkaisa sa malawak na mayorya ng mamamayan at mga kasama.

### 1. Bakit kailangang magpakahusay ang Komunista sa pakikipagkaisa sa malawak na mayorya ng mamamayan?

**a.** Magagampanan lamang ng Partido ang istorikong tungkuling pamunuan ang proletaryado at malawak na masa ng sambayanan sa pakikibaka laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa pamamagitan ng pagbubuo ng mahigpit na pagkakaisa sa malawak na mayorya ng sambayanan.

**b.** Susi sa pagbubuo ng pagkakaisa ng Partido at mamamayan ang wastong linyang pampulitika. Ito ang tunay na sumasapol sa obhetibong interes ng mamamayan.

**k.** Pinahihigpit ng wastong mga tungkulin, patakaran at estilo ng paggawa ang ugnay ng Partido sa masa dahil umaayon ang mga ito sa interes at kagustuhan ng masa.

*Tanungin ang mag-aaral: Bakit sumusulong ang rebolusyon sa pamumuno ng Partido kahit matindi ang pananalakay ng kaaway? Lagumin ito ayon sa kawastuan ng linyang pampulitika, tibay ng organisasyon at lawak at lalim ng ugnay sa masa ng sambayanan.*

*Maaaring gamitin ang anekdota na "isda at tubig", kung saan kinakailangan ng isda ang lalim at lawak ng tubig para mabuhay. (Ang Partido at hukbong bayan ang isda, at ang masa ang tubig).*

### 2. Ano ang linyang masa at wastong saligang aktitud sa masa?

**a.** Ang mahigpit na ugnay sa masa ay ang kongkretong ekspresyon ng proletaryong katangian ng tunay na Marxista-Leninistang Partido. Ginagabayan ito ng MLM at ng linyang masa.

**b.** Ang linyang masa ay ang prinsipyo ng buung-buo at lubos na pagtitiwala at pagsalig sa malawak na masa sa pagsusulong ng rebolusyon at lahat ng gawain sa rebolusyon.

*Awitin ang* ***"Linyang Masa"*** *at iugnay sa pagpapaliwanag ng mga punto.Gamitin ang* ***Biswal SPPPR-4.***



**MULA SA MASA, TUNGO SA MASA** - ANG PRINSIPYO NG BUUNG-BUO AT LUBOS NA PAGTITIWALA AT PAGSALIG SA MALAWAK NA MASA SA PAGSUSULONG NG REBOLUSYON.

SPPPR 4- LINYANG MASA

*Ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin ng* ***"Ang masa ang tunay na bayani."*** *Hikayatin ang mag-aaral na patotohanan ito mula sa kanilang karanasan.*


## 3. Bakit mahalaga ang diwa ng kusang-loob na pagiging mag-aaral ng masa, ang pag-aaral sa masa at pagkonsulta sa kanila kapag may hinaharap na usapin?

**a.** Ang demokratikong estilo ng paggawa at pamumunong alinsunod sa linyang masa ay nagtuturo ng:
- pagkonsulta sa mga kasama at sa masa; at
- pakikinig sa lahat ng uri ng opinyon, maging sa mga opinyong kasalungat.

**b.** Napakahalaga ng demokratikong estilo ng paggawa at pamumuno dahil sa pamamagitan lamang nito lubusang mahihikayat ang rebolusyonaryong inisyatiba at pagkamapanlikha ng masa at matitipon nang husto ang kanilang talino.

**k.** Ang Komunista ay kusang-loob na itinuturing ang sarili na mag-aaral ng masa.

*Basahin ang tagubilin ni Kasamang Mao. Gamitin ang **Biswal SPPPR-4** at **Biswal MD-5.***




MD 5 - BUONG PROSESO NG PAG-UNLAD NG KAALAMAN

*Basahin ang huling talata sa teksto at humingi ng halimbawa sa mag-aaral.*

## 4. Bakit kailangang magpakahusay ang Komunista sa pakikipagkaisa sa malawak na mayorya ng mga kadre at kasapi ng Partido?

**a.** Tanging ang isang nagkakaisang Partido ang makapagbubuklod ng malawak na masa at makapagbubuo ng makapangyarihang rebolusyonaryong hukbo na magtatagumpay sa rebolusyonaryong pakikibaka. Matitiyak ang pagkasolido ng organisasyon ng Partido sa pamamagitan ng mahigpit na pagkakaisa ng mga kasapi ng Partido batay sa MLM, pangkalahatang linya at estratehiya at mga patakaran nito.

**b.** Ang tungkuling makipagkaisa sa malawak na mayorya ng mga kadre at kasapi ng Partido ay kakambal ng tungkuling labanan ang oportunismo at panghahati.

*Ipaliwanag ang kahalagahan ng mahigpit na pagkakaisa ng mga kadre at kasapi ng Partido at paano mabubuo ang gayong pagkakaisa.*

*Humingi ng halimbawa sa mga mag-aaral kung paano makikita ang mahigpit na pagkakaisa sa malawak na mayorya ng mga kadre at kasapi ng Partido sa:*
- *pagsasabuhay ng sistemang komite sa kanilang yunit o kolektibo;*
- *pagpuna at pagpuna-sa-sarili;*
- *pagsasabuhay ng demokratikong sentralismo.*

## 5. Bakit tanging batay sa MLM maaaring mabuo ang tunay at matibay na pagkakaisa ng mga proletaryong rebolusyonaryo?

**a.** Ang matatag na pagkakaisa ay pagkakaisang nakabatay sa MLM, sa pampulitikang linya ng Partido at mga patakaran nito. Ang pagkakaisa sa prinsipyo ang garantiyang maipatutupad ang linya at patakaran ng Partido. Ang pagkakaisa sa layunin at paninindigan ang makatitiyak sa pagkakaisa sa kapasyahan at aksyon.

**b.** Mabubuo lamang ang matatag na pagkakaisa ng mga Komunista sa pamamagitan ng paglalantad sa rebisyunismo at oportunismo; hindi pag-iwas sa tunggaliang kinakailangan; at tapat na pagsunod sa panuntunang "makipagkaisa, huwag manghati," sa puspusang pagpuna at pagbaka sa maling linya.

*Gumawa ng istrip at idikit sa blakbord ang panuntunan ni Kasamang Mao,* ***"Isapraktika ang Marxismo, hindi rebisyunismo; makipagkaisa, huwag manghati; maging bukas at tapat, huwag mang-intriga at magsabwatan."*** *Iugnay ito sa mga puntong tinatalakay.*

## 6. Ano ang wastong aktitud sa mga kasamang may ibang pananaw sa atin, relatibong nahuhuli, o di kaya'y nagkakamali?

**a.** Dapat magpakahusay ang bawat Komunista sa pakikipagkaisa at pakikipagtulungan sa mga kasamang may ibang pananaw sa kanya.

*Gamitin muli ang istrip ng panuntunan ni Kasamang Mao.*

**b.** Kung nasa panig na mali, ang Komunista ay mapagkumbabang tumatanggap sa opinyon ng iba, tumatanggap sa mga pagkakamali at nagwawasto. Kung nasa tama naman, siya ay matiyagang tumutulong sa iba sa pamamagitan ng maingat na gawaing pampulitika at pang-ideolohiya upang unti-unting makamit ang pagkakaisa sa pag-iisip batay sa MLM.

*Gamiting buhay na halimbawa ang pagkakaiba-iba ng uring pinagmulan, lugar na pinanggalingan, gawing kinalakhan at antas ng pinag-aralan upang ipakita na normal ang pagkakaroon ng mga pagkakaiba ng mga pananaw sa loob ng Partido.*

**k.** Hindi pantay-pantay ang antas ng mga kasapi ng Partido: may abante, panggitna at nahuhuli. Dapat wastong pakitunguhan ng mga kasamang abante ang mga kasamang nahuhuli, kaibiganin sila, makipagkaisa sa kanila, kumbinsihin sila at hikayatin silang sumulong.

*Hikayatin ang mag-aaral na magbigay ng mga halimbawa kung paano nila pinakikitunguhan ang mga kasamang nahuhuli at nagkakamali.*

**d.** Wastong pakitunguhan ang mga kasamang nagkamali, at patatagin ang rebolusyonaryong pagkakaisa. Mahigpit na pag-ibahin ang dalawang tipo ng tunggalian:

- ang tunggalian sa pagitan ng mamamayan at kaaway;
- ang tunggalian sa hanay ng mamamayan.

*Gumawa ng mga istrip sa mga patakaran na nasa* ***punto e****. Isa-isang idikit sa blakbord at ipaliwanag.*

**e.** Buong tapat nating ispraktika ang patakarang **"matuto sa mga nakaraang pagkakamali upang iwasan ang mga ito sa hinaharap"** at "**gamutin ang sakit at iligtas ang pasyente."**

## K. Ang Komunista ay dapat matapat sa pagpuna-sa-sarili at aktibo sa pakikitunggali sa ideolohiya para bakahin ang mga maling tendensya at patuloy na paunlarin ang paggawa at estilo ng paggawa.

### 1. Ano ang proletaryong paninindigan sa pagpuna at pagpuna-sa-sarili?

**a.** Ito ay ang buong katapatang pagpuna sa sariling mga kamalian at sa kamalian ng mga kasama upang mapabuti ang paggawa at estilo ng paggawa at mabuo ang pagkakaisa at lakas ng Partido at masa, at isulong ang kapakanan ng masa at rebolusyon.

**b.** Ang tapat na pagpuna-sa-sarili at pag-unawa sa mga puna ng mga kasama at ang pagwawasto sa mga kahinaan at kamalian ay napakahalaga sa pagpapanibagong-hubog sa pagwawaksi sa mga di proletaryong ideya at kaisipan, gawi at estilo ng paggawa.

*Gamitin ang* ***Biswal SPPPR-5*** *sa pagtalakay ng buong subpaksa. Hingin sa mag-aaral ang kanilang positibo at negatibong karanasan sa pagpuna at pagpuna-sa-sarili.*




SPPPR 5 - ANG PAGPUNA AT PAGPUNA-SA-SARILI AT ANG MALING AKTITUD

*Talakayin ang mga pangunahing punto sa pagpuna at pagpuna-sa-sarili na nasa ikatlo hanggang huling talata. Iugnay ito sa mga ibinahaging karanasan ng mag-aaral sa itaas.*

### 2. Bakit napakahalaga ng aktibong pakikitunggali sa ideolohiya? Ano ang liberalismo at ang kasamaang idinudulot nito sa Partido at rebolusyon? Paano babakahin ito?

**a.** Sa pamamagitan lamang ng aktibong pakikitunggali sa ideolohiya:

- makapagpupunyagi sa MLM at sa wastong linya at patakaran;
- maiwawaksi ang mga di proletaryong kaisipan at gawi;
- makapag-pupunyagi sa tama at maiwawaksi ang mali.

*Gumawa ng mga istrip sa 11 tipo ng liberalismo. Sumangguni sa* ***"Bakahin ang Liberalismo"*** *na nasa* ***Limang Gintong Silahis.*** *Ipamahagi ito sa mga mag-aaral. Ipapresenta sa anyong skit.*

**b.** Ang liberalismo o pag-iwas sa aktibong tunggaliang pang-ideolohiya at paghahangad ng pagkakaisang walang prinsipyo ay umuuk-ok sa MLM, nagbubunga ng paglihis sa wastong linya at patakaran, at nag-eengganyo sa impluwensyang burges at pyudal sa loob ng Partido at rebolusyon. Nagtutulak ito sa pag-urong at pagkabulok. Ito ay kalawang na sumisira sa bakal na pagkakaisa at kapasyahan ng Partido.

**k.** Para puspusang mabaka ito, kailangang:

- iwaksi ang pagkamakasarili at itaguyod ang interes ng rebolusyon;
- pagpunyagian ang masiglang tunggaliang pang-ideolohiya;
- pataasin ang proletaryong kamulatan;
- pasiglahin ang kolektibong pamumuno, pamumuhay at paggawa.

## 3. Ano ang suhetibismo? Ano ang kasamaang idinudulot nito sa Partido at rebolusyon? Paano babakahin ito?

**a.** Suhetibismo ang :

- pananaw sa mga bagay na makaisang-panig, mababaw, hindi nakabatay sa kongkretong katotohanan kundi sa maling haka-haka;
- pagbubuo ng kongklusyon gayong kulang sa pagsisiyasat;
- maling pagsusuri at kongklusyon.

**b.** Ang suhetibismo ay nagbubunga ng maling patakaran at desisyon, ng oportunismo sa pulitika at komandismo o konserbatismo sa organisasyon.

**k.** Para bakahin ito, kailangang armasan ng mga Komunista ang sarili ng syentipikong pananaw at pamamaraan ng MLM at iwaksi ang burges at petiburges na pananaw at paraan ng pag-iisip.

*Ipaliwanag ang mahahalagang punto. Gamiting halimbawa ang mga positibo at negatibong karanasan ng mag-aaral sa panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri.*

### 4. Ano ang indibidwalismo? Anong kasamaan ang idinudulot nito sa Partido at rebolusyon? Paano babakahin ang indibidwalismo at iba't ibang anyo nito?

**a.** Indibidwalismo ang labis na pagpapahalaga sa sariling kapakanan habang ipinapailalim dito o isinasantabi ang kapakanan ng organisasyon at ng rebolusyon. Ito rin ay pagpapangibabaw ng kapakanan ng maliit na grupo sa kapakanan ng kabuuan.

**b.** Ang indibidwalismo ay repleksyon ng kaisipang burges at petiburges. Salungat ang mga ito sa interes ng proletaryado at mamamayan at sa diwa ng paglilingkod sa sambayanan.

**k.** Kailangang puspusang bakahin ito ng Komunista.

*Gamitin ang* ***Biswal SPPPR-5.*** *Basahin sa teksto ang mga manipestasyon ng indibidwalismo. Sikaping iugnay sa mga karanasan ng mag-aaral.*

*Basahin ang huling talata sa teksto at humingi ng halimbawa sa mag-aaral ayon sa karanasan nila.*

*Ilagay sa istrip ang mga paraan ng pagbaka sa indibidwalismo na nakahanay sa teksto. Isa-isang idikit sa blakbord at talakayin.*

## K. Ang Komunista ay internasyunalista, nakikibaka para sa paglaya hindi lamang ng proletaryado at sambayanan ng sariling bansa kundi maging ng proletaryado at sambayanan ng buong daigdig.

### 1. Bakit internasyunalista ang Komunista?


**a.** Ang ultimong layunin ng proletaryong rebolusyon ay:

- ang ganap na paglaya ng proletaryado;
- ang ganap na pagpawi ng pagsasamantala ng tao sa tao;
- ang pagpawi sa mga uri at pagtatatag ng komunismo.

Magaganap lamang ito sa antas ng buong daigdig, sa pagpapalaya ng buong sangkatauhan.

**b.** Internasyunalista ang uring manggagawa at ang nasa ubod ng proletaryong internasyunalismo nito ay ang pagkakaisa at pagtataguyod sa interes ng proletaryado at masang anakpawis sa buong daigdig.

*Gamitin ang* ***Biswal SPPPR-6*** *sa buong subpaksa.*




SPPPR 6 - PROLETARYONG INTERNASYUNALISMO

Sa panahon ng imperyalismo, ang mga pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya sa mga kolonya at malakolonya ay di maihihiwalay na bahagi ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon. Ang demokratikong rebolusyong bayan sa Pilipinas ay bahagi ng proletaryong rebolusyong pandaigdig.

*Isulat ang awiting* ***"Internationale."*** *Iugnay ang nilalaman nito sa mga puntong tinatalakay.*

*Ilinaw na ang DRB sa Pilipinas ay bahagi ng proletaryong rebolusyong pandaigdig.*

## 2. Ano ang pananaw ng Komunista sa nasyunalismo?

**a.** Ang nasyunalismo ay itinataguyod ng pambansang burgesya sa layuning ipaglaban ang kanilang pamamayani sa bansa at kontrolin ang pambansang pamilihan. Sa esensya, ang nasyunalismong burges ay karugtong lamang ng pangangalaga sa sariling kapital, negosyo at tubo.

**b.** Ang uring manggagawa sa mga kolonya at malakolonya ay lumalahok at nangunguna sa pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya. Ginagawa ito hindi upang magtaguyod ng sariling nasyunalismo kundi upang hawanin ang landas sa pagsusulong ng proletaryong rebolusyong sosyalista sa sariling bansa at makapag-ambag sa pagsusulong ng rebolusyong proletaryo at pakikibakang anti-imperyalista sa buong daigdig.

*Ipaliwanag ang kaibahan ng makitid na nasyunalismong burges sa pakikibaka ng proletaryado para sa pambansang pagpapalaya.*

## 3. Paano kongkretong maitataguyod ng Komunistang Pilipino ang diwa ng proletaryong internasyunalismo?

**a.** Kongkretong maitataguyod ng Komunistang Pilipino ang diwa ng proletaryong internasyunalismo sa maraming paraan. Saligan dito ang pagwawaksi sa makitid na pambansang pananaw, ang pakikibaka laban sa imperyalismo, at ang pagtataguyod sa interes ng proletaryado at mamamayan ng buong daigdig.

**b.** Ang pagwawagi ng sariling rebolusyonaryong pakikibaka ang pinakamahusay na maiaambag ng mga rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas para sa adhikain ng pambansang kalayaan, demokrasya, sosyalismo at kapayapaan ng daigdig.

*Ipaliwanag ang mga paraan ng pagtataguyod ng proletaryong internasyunalismo.*

# PAGSASARA NG TALAKAYAN

1. *Balikan ang balangkas ng paksa. Maaaring gumawa ng diagram o drowing ng limang katangian na dapat linangin ng isang komunista. Ilarawan ang buod ng diwang Komunista sa pamamagitan ng pagdrowing ng araw na may limang silahis na kumakatawan sa mga katangian na dapat linangin ng isang Komunista.*

2. *Tayain kung natamo ang mga layunin sa tulong ng mag-aaral.*

3. *Ilahad ang dagdag na mga babasahin:*
   - **Muling Pagtibayin ang Manipesto ng Partido Komunista,** *pahayag ni Jose Ma. Sison noong 1998 para sa ika-150 anibersaryo ng Manipesto ng Partido Komunista*
   - *Mga Buhay ng mga Bayani at Martir ng Rebolusyon na nalathala sa* **Ulos, Ang Bayan, Liberation** *at mga panrehiyong publikasyon.*

# MATERYALISMONG DIYALEKTIKO (MD)

## LAYUNIN

1. Maging malinaw sa mag-aaral sa saligan kung paano pag-aaralan at babaguhin ng proletaryado ang daigdig at lipunan. Mapalakas ang pang-ideolohiyang kahandaan ng mga kasapi ng Partido sa pag-aaral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo(MLM) para sa pagpapatupad ng mga rebolusyonaryong tungkulin.

2. Masapol ang Materyalismong Diyalektiko para:

   - wastong maunawaan at maisabuhay ang mga saligang prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM) at rebolusyong Pilipino;
   - maging tunay at lubos na rebolusyonaryo ang paninindigan, pananaw at paraan ng pakikitungo sa lahat ng usapin;
   - mabisang maipatupad ang rebolusyonaryong linya at patakaran ng Partido sa iba't ibang kalagayan, linya ng gawain at saklaw;
   - sa pagpapanibagong-hubog ng mga komunista.



# PAGBUBUKAS NG TALAKAYAN

**1.** *Idiin ang kahalagahan ng MD :*

- *ito ang pananaw ng rebolusyonaryong proletaryado sa daigdig, at batayang pagtingin at pag-unawa ng proletaryado sa kalikasan;*
- *inililinaw nito kung paano pag-aaralan at babaguhin ang daigdig at lipunan;*
- *ito ang pundasyon ng MLM, ang ideolohiya ng proletaryado.*

**2.** *Ipakilala ang dalawang namumukod na katangian ng MD:*

- *ang makauring katangian nito: bilang pananaw sa daigdig ng proletaryado, nagsisilbi sa pakikibaka nito at hindi ng anupamang uri;*
- *ang pagiging praktikal nito: na ang teorya ay nakasalalay sa praktika, nagmumula sa praktika at nasusubok ang kawastuan sa praktika.*

**3.** *Ilahad ang balangkas ng paksa:*

**A. Dalawang Pananaw sa Daigdig**
**B. Teorya ng Kaalaman ng Materyalismong Diyalektiko**
**K. Esensya at Batas ng Paggalaw ng mga Bagay at Proseso**

# KATAWAN NG TALAKAYAN

## A. Dalawang Pananaw sa Daigdig

### 1. Ano ang dalawang pananaw sa daigdig?

**MAHAHALAGANG PUNTO**

**a.** Ang dalawang malaki at nagtutunggaliang kampo ng mga pananaw sa daigdig sa kasalukuyan ay ang ideyalismo at ang materyalismong diyalektiko. Ang pagkakahating ito ay nakabatay sa magkasalungat na paninindigan hinggil sa:

- Relasyon ng kamalayan ng tao sa kalikasan, relasyon ng pag-iisip sa aktwal na pag-iral ng mga bagay;
- Pag-unawa sa pagbabago at pag-unlad ng daigdig.

**b.** Ang ideyalismo ay naninindigan na nangunguna at mas mapagpasya ang kamalayan at pag-iisip kaysa kalikasan. Ang metapisika ay ang pag-unawa ng ideyalismo sa pag-unlad ng daigdig. Naninindigan ito na ang daigdig ay kalipunan ng mga bagay na di pa lubos na nabubuo, mga bagay na walang tigil na nagbabago at umuunlad.

**k.** Makapangyarihang sandata ng uring manggagawa ang MD para maunawaan ang kalikasan at lipunan, at aktibong baguhin ang mga ito para sa kapakanan ng sangkatauhan.

**MUNGKAHING PARAAN SA PAGTUTURO**

*Gamitin ang* ***Biswal MD-1****. Para sa punto* ***b*** *at* ***k,*** *gamitin ang* ***Apendiks MD-1****. Palamnan ng mga halimbawa mula sa mag-aaral. Sa agrikultura, paano nalalaman ng magsasaka ang mahusay na binhi, lupa, panahon ng pagtatanim at paano alagaan ang pananim.*




MD 1 - PAGKAKAIBA NG DALAWANG PANANAW SA DAIGDIG

### 2. Saan nagmumula ang pag-iral ng dalawang magkasalungat na pananaw sa daigdig?

**a.** Ang pag-iral ng dalawang magkasalungat na pananaw sa daigdig ay nagmumula sa kondisyon ng produksyon at sa tunggalian ng mga makauring interes sa lipunan.

*Gamitin ang* ***Biswal MD-2*** *para sa punto* ***a, b*** *at* ***k****. Ipalahad sa mag-aaral ang mga karaniwang kaugalian at paniniwala sa buhay pamproduksyon at tunggalian ng uri.*

**b**. Nakabatay sa antas ng pagsulong ng produksyon sa lipunan ang kabuuang antas ng pag-unawa ng tao sa kalikasan at lipunan. Sa paglahok sa produksyon, nagkakaroon ang tao ng saligang ugnayan sa kalikasan at sa kanyang kapwa tao. Dito pangunahing nagmumula ang kaalaman at pag-unlad ng kaalaman ng tao.

**k**. Bawat uri ay nagtataguyod ng pananaw sa daigdig na umaayon sa pang-ekonomya at pampulitikang interes nito. Ito ang dahilan kung bakit sa kabila ng pag-unlad ng produksyon, teknolohiya at kaalaman ng tao sa kalikasan at lipunan sa kasalukuyan, itinataguyod pa rin ng burgesya at iba pang uring nagsasamantala at nang-aapi ang ideyalismo at metapisika. Ito rin ang pundamental na dahilan kung bakit tanging ang proletaryado ang nakalagom ng lahat ng pag-unlad ng kaalaman ng tao sa kalikasan at lipunan sa pamamagitan ng paglikha ng materyalismong diyalektiko.

**d**. Si Karl Marx ang lumikha ng MD. Malapit na katuwang niya si Frederick Engels. Inialay nila ang kanilang buong buhay sa kilusan at rebolusyong proletaryo.





MD 2 - ANG PAG-IRAL NG DALAWANG MAGKASALUNGAT NA PANANAW SA DAIGDIG AY NAGMUMULA SA KUNDISYON NG PRODUKSYON AT SA TUNGGALIAN NG MGA MAKAURING INTERES SA LIPUNAN.

## 3. Ano ang dakilang kabuluhan ng materyalismong diyalektiko sa proletaryado at sa Marxista-Leninista-Maoistang Partido?

**a.** Ang MD ay makapangyarihang sandata sa pagrerebolusyon ng uring proletaryo:

- lubos na umaayon at nagtataguyod sa pagsusulong ng pakikibaka para sa makauring interes nito;
- pinalalaya nito ang pag-iisip ng uring proletaryo sa anumang pagbibigay-katwiran sa pagsasamantala at pang-aaping burges;
- pinapatnubayan nito ang rebolusyonaryong pakikitungo ng uring proletaryo sa iba't ibang usapin habang nagmamartsa patungong sosyalismo at komunismo;
- mulat at dalubhasang ginamit ng mga dakilang gurong komunista ang MD para suriin at lutasin sa rebolusyonaryong paraan ang mga suliranin ng proletaryado sa kani-kanilang panahon;
- ang katumpakan at kapangyarihan ng MD ay napatunayan na ng rebolusyonaryong praktika ng proletaryado sa buong daigdig sa mahigit nang150 taon.


*Gamitin ang* ***Biswal MD-3*** *at* ***SPPPR-1,*** *at* ***Apendiks Partido-1****. Idiin na ang patuloy na pagsulong ng rebolusyong Pilipino ay dahil sa mahigpit na pagtangan ng Partido sa MLM.* .




MD 3 - MATERYALISMONG DIYALEKTIKO

**b.** Para sa MLM Partido, ang MD ay:

- mabisang sandata ng Partido sa pagbaka sa mga impluwensya ng ideyalismo at metapisika;
- pinakabukal ng diwang rebolusyonaryo, magiting, puspusan at disiplinado na tatak ng isang MLM Partido;
- sandata ng bawat Komunistang Pilipino sa pagpapanibagong-hubog.



SPPPR 1 - TEORYANG GABAY: MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO


## B. Teorya ng Kaalaman ng Materyalismong Diyalektiko

### 1. Saan nagmumula ang wastong mga ideya?

**a.** Nagmumula at nasusubok ang wastong mga ideya sa praktikang panlipunan:

- paglahok sa pakikibaka para sa produksyon;
- tunggalian ng mga uri;
- syentipikong pag-eeksperimento.

*Gamitin ang* **Biswal MD-4.** *Magbigay ng halimbawa ng tatlong praktikang panlipunang binabanggit at iugnay ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay ng mag-aaral.*



MD 4 - SAAN NAGMUMULA ANG WASTONG MGA IDEYA

**b.** Sa pag-aaral, kailangang manindigan tayo para sa praktika. Ang paninindigan sa praktika ay paninindigan para sa masa.

*Ipaliwanag na kung hiwalay sa praktikang panlipunan, imposibleng makabuo ng wastong ideya ang tao at imposibleng mapatunayan ang kawastuan ng anumang ideya.*

*Magbigay ng halimbawa kung bakit ang paninindigan para sa praktika ay paninindigan para sa masa.*

**k.** Sa kabilang banda, ang rebolusyonaryong praktika ay dapat patnubayan ng teorya ng MLM.

*Ilinaw na dapat gabayan ng MLM ang rebolusyonaryong praktika.*

## 2. Paano ang proseso ng pag-unlad ng kaalaman?

**a.** May tatlong yugto ang proseso ng pag-unlad ng kaalaman: perseptwal, rasyunal at pagbabalik ng teorya sa praktika.

**i. Yugto ng kaalamang perseptwal.** Ang unang yugto sa proseso ay ang pag-iipon ng mga obserbasyon, impresyon at mga datos na nasasalamin ng isip sa pamamagitan ng pandama, paningin, pandinig, pang-amoy at panlasa. Ang mga ideyang nabubuo sa yugtong ito ay sumasalamin sa mga tunay na pangyayari at kalagayan ngunit kalat-kalat, makaisang-panig at pang-ibabaw. Hindi sinasalamin ng kaalamang perseptwal ang esensya ng mga bagay-bagay.


**ii. Yugto ng kaalamang rasyunal o nakakaunawa.** Ito ay ang pagbubuo ng ideya, pagsusuri, paghinuha o pagbubuo ng teorya mula sa kaalamang perseptwal. Dalawang bagay ang kailangan para makaigpaw mula sa kaalamang perseptwal tungo sa kaalamang rasyunal:

- sapat na dami at yaman ng kongkretong datos o impormasyon (hindi lang baha-bahagi, guni-guni o haka-haka)
- pag-iisip o pagsusuri at pagbubuo ng kongklusyon

Ang yugtong ito ay mas mataas at mas mahalagang hakbang sa pag-alam hinggil sa mga bagay. Isinisiwalat ng kaalamang rasyunal ang mga panloob na kontradiksyon ng mga obhetibong bagay, ang kanilang mga batas at ang panloob na ugnayan nila sa isa't-isa habang walang tigil na nagbabago.

*Gamitin ang* ***Biswal MD-5.*** *Maglahad ng kasong pinag-aralan (case study) na nagdidiin sa kahalagahan ng panlipunang pagsisiyasat.*

*Dapat tiyakin ng instruktor na sa kasong pinag-aralan ay malinaw na natutukoy ang tatlong yugto ng proseso ng pag-unlad ng kaalaman.*




MD 5 - BUONG PROSESO NG PAG-UNLAD NG KAALAMAN

iii. **Yugto ng pagbabalik ng teorya sa praktika.** Ito ay ang pagsubok ng katumpakan ng teorya sa pamamagitan ng praktika. Ginagamit ang teorya para gabayan ang praktika. Sa higit pang praktika, lumilitaw din ang bagong mga usapin at kalagayan na nangangailangan ng panibago't mas maunlad na teorya.

Ito ang pinakamahalaga at pinakamapagpasyang hakbang sa buong proseso ng pag-alam. Ang tanging layunin ng pag-aaral natin sa daigdig ay para baguhin ito.

**b.** Ang buong proseso ng pag-unlad ng kaalaman: Tuklasin ang katotohanan sa praktika at muli sa pamamagitan ng praktika, patunayan at paunlarin ang katotohanan. Praktika, kaalaman, muli'y praktika na mas maunlad, at muli'y kaalaman na mas maunlad. Mauulit ang prosesong ito sa walang katapusang pag-ikid.

**k.** Ang susi sa buong proseso ng pag-unlad ng kaalaman ay ang wastong pag-uugnay ng teorya at praktika sa bawat yugto. Ang kamaliang empirisismo at dogmatismo ay ang paghihiwalay ng teorya at praktika.

*Magbigay ng halimbawa ng empirisismo at dogmatismo mula sa lagom na karanasan ng Partido.*

## K. Esensya at Batas ng Paggalaw ng mga Bagay

### 1. Ano ang pundamental na batayan ng pag-iral at pagbabago ng mga bagay?

**a.** Ang kontradiksyon sa loob ng mga bagay ang pundamental na batayan ng pag-iral at pagbabago ng mga bagay. Ang kontradiksyon ay ang magkasalungat na mga aspeto, pwersa o tendensya na magkasabay na umiiral at walang humpay na nagtutunggalian sa loob ng mga bagay.

*Gamitin ang Biswal* ***MD-6*** *at* ***MD-7*** *sa buong subpaksa. Gamiting halimbawa ng panloob na kontradiksyon ang nasa teksto: sa lipunan; sa pag-unlad ng digmaan; sa buhay ng Partido.*

**b.** Samantalang pundamental na batayan ng pagbabago ang panloob na kontradiksyon, ang mga panlabas na salik ay mga kalagayan para sa pagbabago. Ibig sabihin, ang ugnayan at ganting aksyon ng bagay sa mga bagay sa paligid ay nagpapabilis o nagpapabagal sa pag-unlad nito. Higit pa, kailangan ang mga paborableng panlabas na kalagayan para malutas ang panloob na kontradiksyon.

Para lubos na maunawaan ang esensya ng isang bagay, dapat alamin ang panloob na kontradiksyon (internal) at ang relasyon nito sa mga bagay sa paligid (eksternal).




MD 6 - ANG KUNDISYON SA LOOB NG MGA BAGAY ANG BATAYAN NG PAG-IRAL AT PAGBABAGO NG MGA ITO.

*Maaaring ihalimbawa ang tampok na mga pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa harap ng umiigting na pananalakay ng imperyalismong US.*

## 2. Ano ang ibig sabihin ng pagiging absoluto o unibersal ng kontradiksyon?

**a**. Matatagpuan ang kontradiksyon sa lahat ng bagay at sa lahat ng proseso ng pag-unlad ng mga bagay mula simula hanggang wakas. Kung walang kontradiksyon, wala ang lahat. Ang kontradiksyon ang dahilan ng pag-iral ng lahat ng bagay.

**b**. Ang kontradiksyon ang unibersal na dahilan ng paggalaw ng mga bagay at matatagpuan mula simula hanggang wakas sa lahat ng proseso ng paggalaw ng mga bagay. May kontradiksyon kahit walang lantad na tunggalian sa isang bagay.

*Gamitin ang Biswal MD-7*




MD7 - UNIBERSALIDAD AT PARTIKULARIDAD NG KONTRADIKSYON

*Magbigay o humingi ng mga halimbawa ng pagiging unibersal ng kontradiksyon sa kalikasan, lipunan, at pagkilos.*

**k.** Ang pagsapol sa unibersalidad ng kontradiksyon ay nangangahulugan sa atin ng:

- paninindigan para sa pagbabago at pagsulong;
- pagiging puspusang rebolusyonaryo;
- pagiging walang sawa sa pag-aaral;
- hindi tayo nalilinlang sa mga panandaliang pagkatigil o pagkakalmante ng hinaharap na mga kalagayan.

*Magbigay ng positibo at negatibong halimbawa para mailinaw kung bakit mahalagang masapol ang unibersalidad ng kontradiksyon.*

## 3. Ano ang partikularidad ng kontradiksyon?

**a.** Ang bawat kontradiksyon ay may katangiang partikular sa kanya. Nagkakaiba sa esensya, kalidad at katangian ang mga bagay at proseso. Ito ay bunga ng partikularidad o pagkarelatibo ng kontradiksyon.

*Gamitin ang* ***Biswal MD-6*** *at* ***Biswal MD-7.***

**b**. Ang isang mahabang proseso ay hindi lamang nag-aangkin ng partikular na katangiang nag-iiba ng prosesong ito sa iba pa. Ang bawat yugto nito ay nag-aangkin din ng sariling partikular na katangiang naiiba sa iba pang yugto.

*Ihalimbawa ang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino at ang DRB.*

**k**. Kailangan ang mga takdang kalagayan para sabay na umiral sa isang kabuuan ang magkasalungat na aspeto at umiral ang bagay o prosesong kaakibat nito.

**d**. Lahat ng bagay at proseso ay may sariling katangian, may partikularidad at kailangang matamang siyasatin at suriin upang maunawaan ang bagay at prosesong sinusuri:

- ang kontradiksyon sa bawat bagay;
- ang kontradiksyon sa bawat isa sa mga proseso ng pag-unlad nito;
- ang dalawang aspeto ng kontradiksyon sa bawat proseso;
- ang kontradiksyon sa bawat yugto ng isang proseso;
- ang dalawang aspeto ng kontradiksyon sa bawat yugto.

*Gamitin ang halimbawa sa teksto. Huwag magpalawig dahil tatalakayin ito sa susunod na paksa.*

## 4. Ano ang relasyon ng unibersalidad at partikularidad ng kontradiksyon?

**a**. Ang unibersalidad at partikularidad ng kontradiksyon ay likas sa lahat ng bagay at umiiral nang magkalakip sa mga kongkretong bagay. Ang unibersalidad ay matatagpuan sa kongkretong mga bagay at umiiral na kaugnay at kalakip ng partikularidad.

*Ipatukoy sa mag-aaral ang unibersalidad at partikularidad ng kontradiksyon na matatagpuan sa* ***Biswal MD-7.***

- Mauunawaan ang esensyang komun o unibersal ng mga bagay, o mga bagay sa isang kategorya, kung pag-aaralan ang maraming partikular na bagay at kontradiksyon. Mula sa pag-aaral na ito, nakakatas ang unibersalidad.

- Kapag nalaman na ang esensyang komun ng mga bagay o isang grupo ng mga bagay, magagamit ang kaalamang ito upang higit na masaklaw, makabuluhan at sistematikong pag-aralan ang iba pang partikular na mga bagay.

**b.** Ang unibersal sa isang konteksto at antas ng pag-aaral ay nagiging partikular sa ibang konteksto. Sa kabilang banda, ang partikular sa isang konteksto at antas ng pag-aaral ay nagiging unibersal sa ibang konteksto.

**k.** Mahalaga ang pag-alam sa partikularidad ng kontradiksyon upang mapag-iba ito sa ibang kontradiksyon. Mahalaga naman ang pag-alam sa unibersalidad ng kontradiksyon upang maiugnay ito sa ibang kontradiksyon. Kapwa kailangan ang dalawa at matukoy ang ugnayan nila upang lubos na maunawaan ang esensya ng mga bagay at ang buong katotohanan hinggil sa kanila.




MD7 - UNIBERSALIDAD AT PARTIKULARIDAD NG KONTRADIKSYON

*Ilinaw ang kahalagahan ng pag-aaral sa unibersalidad at partikularidad ng kontradiksyon.*

**Workshop:** *Bumuo ng mga team. Ipatukoy ang mga unibersalidad at partikularidad ng kontradiksyon sa relasyon ng mga uri sa isang baryo o eryang kinikilusan. Ihapag sa sesyon.*


## 5. Ano ang kahalagahan ng pag-aaral sa di pantay na katayuan ng mga kontradiksyon sa pag-unawa sa katangian at pag-unlad ng mga bagay at proseso?

**a.** Walang bagay na sumusulong nang pantay na pantay at timbang na timbang. Mas natural at mas karaniwan ang di pantay na pag-unlad. Sa tunggalian ng mga pwersa, tendensya o aspetong magkasalungat, karaniwang di pantay ang katayuan ng isa't isa.

**b.** Marami ang kontradiksyon sa proseso ng pag-unlad ng isang bagay o proseso at isa rito ang siyang prinsipal na kontradiksyon na sa kanyang pag-iral at pagkilos ay gumaganap ng mapagpasyang papel o impluwensya sa pag-iral at pagkilos ng ibang kontradiksyon. Sa bawat yugto ng isang proseso, palagi ring may isang prinsipal na kontradiksyon na gumaganap ng nangunguna at mapagpasyang papel.

*Gamitin ang* ***Biswal MD-8*** *at iugnay sa karanasan ng mag-aaral, halimbawa hinggil sa rebolusyong agraryo o pakikibaka sa loob ng pabrika.*

**k**. Sa anumang kontradiksyon, karaniwang di pantay ang pag-unlad ng dalawang aspeto. Ang mga panahong tila pantay ang pusisyon ng mga aspeto ay pansamantala lamang habang saligan ang panahong hindi sila magkapantay. Ang isa sa dalawang aspeto ay gumaganap ng nangungunang papel at ang isa ay segundaryo. Ang pangunahing nagpapasya sa kalikasan ng bagay ay ang prinsipal na aspeto ng kontradiksyon.




MD 8 - ANG DI PANTAY NA KATAYUAN NG KONTRADIKSYON AT ANG DALAWANG ASPETO NG KONTRADIKSYON SA KASALUKUYANG LIPUNANG PILIPINO

**d.** Nagpapalitan ng pusisyon ang mga aspeto ng kontradiksyon, mula sa pusisyong segundaryo ay nagiging prinsipal ang isa at mula naman sa pusisyong prinsipal ay nagiging segundaryo ang kabila. Ang pagbabago ng pusisyon ng mga aspeto ay itinatakda ng paghina o paglakas ng bawat isa habang umuunlad ang bagay. Sa pagbabago ng pusisyon ng mga aspeto, nagbabago rin ang katangian ng bagay.

**e.** Higit na mauunawaan ang kongkretong katangian ng mga bagay at proseso at wastong matutukoy ang kalutasan ng mga suliranin o di kaya'y aktibong maisusulong tungo sa mas mataas na yugto ang isang proseso sa pamamagitan ng pagsapol sa prinsipal na kontradiksyon at prinsipal na aspeto ng kontradiksyon.

## 6. Paano nalulutas ang isang kontradiksyon, nagwawakas ang isang lumang proseso at lumilitaw ang bagong proseso?

**a.** May simula at katapusan ang lahat ng proseso. Pagkalutas ng kontradiksyong nagtatakda ng pag-iral ng isang proseso, natatapos din ang prosesong ito at lumilitaw ang bagong kontradiksyon at bagong proseso.

*Gamitin ang **Biswal MD-8.** Ilarawan ang proseso ng pag-unlad ng DRB.*

**b.** Dumadaan sa dalawang antas ng paggalaw ang pagsulong ng isang bagay o proseso:

- kantitatibong pagbabago – ang antas na sa biglang tingin ay tiwasay o relatibong tigil;
- kalitatibong pagbabago – antas ng litaw na pagbabago; nawawasak ang kombinasyon ng magkasalungat na aspeto at naglalaho ang bagay o proseso na kaakibat nito at lumilitaw ang bagong kontradiksyon, bagong bagay o proseso.

*Ihalimbawa ang mga pagbabagong kantitatibo tungong kalitatibo sa mga sumusunod: mula sa pagiging kontak hanggang sa pagiging kasapi ng Partido ng isang kasama; mula antas kontak hanggang maitayo ang sangay ng Partido at OKP sa isang baryo.*

**k.** Nagwawakas ang isang kontradiksyon sa paraang ang lumang aspeto ay inaalisan ng kondisyon para makairal. Natatransporma ang mga aspeto sa kanilang kasalungat at lumilitaw ang ganap na bagong kontradiksyon.

Sa paglutas ng isang kontradiksyon, dahil iba-iba ang katangian ng kontradiksyon, iba-iba rin ang anyo ng tunggalian ng mga aspeto at iba-iba rin ang kalutasan.

**d.** Ang mga saligang anyo ng tunggalian ng mga aspeto ng kontradiksyon ay antagonistiko at di- antagonistiko

- antagonistikong kontradiksyon, kaya antagonistiko ang paraan ng paglutas;
- di-antagonistikong kontradiksyon kaya mahinahon ang paraan ng paglutas.

**e.** Ang antagonistikong kontradiksyon ay maaaring maging di antagonistiko; ang di antagonistikong kontradiksyon naman ay maaaring maging antagonistiko. Kaya, kailangan ng kongkretong pag-aaral sa mga sirkunstansya ng bawat tiyak na tunggalian at di dapat mekanikal na maggigiit ng mga de-kahong solusyon.

*Magbigay ng positibo at negatibong halimbawa upang idiin ang kahalagahan ng wastong paghawak ng antagonistiko at di antagonistikong kontradiksyon at ng paraan ng paglutas nito:*

- *tunggalian ng taumbaryo sa lokalidad*
- *pamumuno sa kilusang masa at pakikitunggali sa uri*
- *pagdadala sa tunggalian ng ideya sa loob ng Partido;*
- *pagdadala ng tunggalian ng dalawang linya na umabot sa paksyunalismo.*
- *tunggalian sa loob ng pamilya kung magrerebolusyon o hindi magre-rebolusyon*

# PAGSASARA NG TALAKAYAN

**A.** *Balikan ang balangkas ng paksa at ang mga pangunahing puntong nailinaw.*


**B.** *Hikayatin ang mag-aaral na magbigay ng buhay na halimbawa kung ano ang nabago sa kanilang pananaw at paniniwala mula nang makapag-aral ng MLM at rebolusyong Pilipino.*


**K.** *Isara ang paksa sa pag-awit ng* ***"Pantasya."***

TABLE **MD** 1

## BATAYAN SA **MAGKASALUNGAT** NA **PANININDIGAN**

| | IDEYALISMO AT METAPISIKA | MATERYALISMONG DIYALEKTIKO |
|---|---|---|
| **A. Hinggil sa relasyon ng kamalayan ng tao sa kalikasan; relasyon ng pag-iisip sa aktwal na pag-iral ng mga bagay** | **1.** Naninindigang nangunguna at mas mapagpasya ang kamalayan at pag-iisip kaysa kalikasan.<br>**2.** Naniniwalang ang pag-iisip at kamalayan ng tao ay hindi nakabatay sa materyal na daigdig, bagkus nag-sasarili, nakahiwalay at nakapa-ngingibabaw sa materyal na daigdig.<br>**3.** Naniniwalang ang mga bagay ay kalipunan lamang ng mga pandama o persepsyon ng tao. Walang bagay na umiiral nang labas sa pandama o kamalayan, nang hindi sa kamalayan nagmumula at ng hindi dito naka-salalay.<br>**4.** Ipinapaliwanag nito ang daigdig at mga pangyayari sa daigdig sa pamamagitan ng mga pamahiin, misteryo, ispiritu, at paniniwalang panrelihiyon. | **1.** Naninindigang nangunguna ang kalikasan sa kamalayan.<br>**2.** Ang pag-iisip ay walang iba kundi ang materyal na daigdig na nasasalamin ng utak ng tao at naisalin sa anyo ng mga ideya o kaisipan.<br>**3.** Ang kamalayan at pag-iisip ay hindi pwedeng ihiwalay sa utak ng tao, ang materyal na bagay na nag-iisip. Idinidiin na ang laman ng utak o iniisip ng tao ay mga larawan lamang ng bagay-bagay o mga pangyayari sa paligid at sarili niya.<br>**4.** Hinahanap nito ang kato-tohanan mula sa tunay na pangyayari at sinu-subok nito sa praktika ang kawastuan ng mga kaisipan. |
| **B. Hinggil sa pag-unawa sa pagbabago at pag-unlad ng daigdig.** | **1. Ang daigdig ay itinuturing ng metapisika na kalipunan ng mga bagay na:**<br>**a.** yari na, di nagbabago at magkaka-hiwalay at walang relasyon sa isa't isa;<br>**b.** kung may pagbabago man, ito'y pagbabago lamang sa dami, hugis o pusisyon ng mga bagay;<br>**k.** Ang anumang pagbabago ay simpleng inuugat sa mga dahi-lang nasa labas ng bagay. | **1. Ang daigdig ay kalipunan ng mga bagay na:**<br>**a.** hindi pa lubos na nabubuo;<br>**b.** walang tigil na nagbabago at umuunlad;<br>**k.** ang walang tigil na pagbabago ng mga bagay ay bunga ng mga kontradiksyon sa loob nito; |





| IDEYALISMO AT METAPISIKA | MATERYALISMONG DIYALEKTIKO |
|---|---|
| **2. Walang konsepto ng kasaysayan at pagbabago:**<br><br>**a.** tanging nakikita ay ang kasalukuyan, inaakala na ang umiiral na mga bagay at ideya ay walang hanggan, walang simula at walang katapusan.<br>**b.** kung may aktwal na pagbabago, itinuturing na iyon ay aksidente, nagkataon lamang o epekto ng mga pwersang panlabas. | **2. Nagbabago ang esensya o batayang katangian ng materyal na daigdig at lipunan:**<br><br>**a.** pangunahin bunga ng mga panloob na dahilan;<br>**b.** segundaryo ang impluwensya at ugnayan dito ng mga panlabas na dahilan. |
| **3. Bilang mga bahagi ng iisang ideyalistang pananaw sa daigdig, ang ideyalismo at metapisika ay magkapareho sa esensya:**<br><br>**a.** ihinihiwalay ang kamalayan at pag-iisip sa materyal na daigdig;<br>**b.** katangian ng ideyalismo at metapisika ang mga langong haka-haka na hindi batay sa mga tunay na pangyayari ni sinubok sa praktika. | **3. Itinuturo ang aktibong papel ng tao sa pag-unawa sa esensya ng mga bagay at sa mga dahilan at paraan ng pagbabago ng mga ito:**<br><br>**a.** Hindi tumitigil sa pag-unawa sa kalagayan ng masa at lipunan para lamang mapalawak ang karunungan.<br>**b.** Pinag-aaralan ang mga ito sa layuning pundamental na baguhin ang umiiral na mga relasyong mapagsamantala at mapang-api at palayain ang mga uring anakpawis.<br>**k.** Itinuturo na dapat umasa ang masa sa kanilang rebolusyonaryong kamulatan, determinasyon, pagkakaisa at sama-samang pakikibaka upang mabago ang kanilang kalagayan at ang lipunan. |

# MATERYALISMONG ISTORIKO (MI)

## LAYUNIN

1. **Masapol ang saligang pagkakaiba ng materyalismong istoriko (MI) at ideyalistang pananaw sa kasaysayan at lipunan.**

2. **Maunawaan ng mga mag-aaral na ang MI ang wasto at syentipikong patnubay sa pag-aaral ng lipunan:**

   - ang kalagayan at mga pagbabago sa ekonomya ang tunay na pinagmumulan at pangunahing nagtatakda ng mga ideya, pananaw at institusyong pampulitika na umiiral sa lipunan;
   - ang mga uri at tunggalian ng mga uri ang susing aralin ng materyalismong istoriko;
   - ang estado ang marahas na instrumento ng makauring paghahari, at ang rebolusyon ay ang marahas na pagpapabagsak ng isang uri sa isa pa para isulong ang lipunan;
   - ang kultura ay nagmumula at nakabatay sa ekonomya at ang nangingibabaw sa lipunan ay ang kultura ng naghaharing uri;
   - sosyalismo at diktadura ng proletaryado ang patutunguhan ng lipunan, tungo sa komunismo.



3. **Maarmasan ng mga prinsipyo ng MI bilang patnubay sa:**

   - pag-aaral sa nakaraan, kasalukuyan at patutunguhan ng lipunang Pilipino;
   - pag-aaral at pag-unawa sa linyang pampulitika at mga patakaran ng Partido;
   - mapanlikhang pagpapatupad sa linya, patakaran at wastong pamumuno sa rebolusyonaryong kilusan.

# PAGBUBUKAS NG TALAKAYAN

1. *Ilahad na ang pag-aaral sa MI ay ang aplikasyon ng MD sa pag-aaral ng lipunan. Gamitin ang siniping pangungusap ni Kasamang Mao:* **"Ang pangunahing dahilan ng pagbabago sa lipunan ay ang pag-unlad ng panloob na mga kontradiksyon ng pwersa sa produksyon at ng relasyon sa produksyon, ang kontradiksyon ng mga uri at ang kontradiksyon ng luma at bago. Ang pag-unlad ng mga kontradiksyong ito ang nagpapasulong sa lipunan at nagbibigay ng lakas para mapalitan ng bago ang lumang lipunan."**

2. *Linawin ang partikular na kahalagahan ng paksa batay sa kalagayan at pangangailangan ng mga mag-aaral.*

3. *Idiin na tumatagos sa buong balangkas ng paksa ang usapin ng mga uri at tunggalian ng mga uri bilang susing aralin ng MI.*

4. *Ilahad ang balangkas ng paksa:*

   A. ***Ang Materyalismong Istoriko at ang Ideyalistang Pananaw sa Kasaysayan***
   B. ***Mga Uri at Tunggalian ng mga Uri: Ang Batayan sa Ekonomya***
   K. ***Estado at Rebolusyon***
   D. ***Kultura at Rebolusyon sa Kultura***
   E. ***Sosyalismo at Diktadura ng Proletaryado at ang Paglalaho sa Komunismo ng mga Uri at Tunggalian ng mga Uri***

# KATAWAN NG TALAKAYAN

## A. Ang Materyalismong Istoriko at ang Ideyalistang Pananaw sa Kasaysayan

### 1. Ano ang saligang pagkakaiba ng MI at ideyalistang pananaw sa kasaysayan?

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN SA PAGTUTURO |
|---|---|
| **a.** Ang tunggalian ng materyalismong istoriko at ideyalistang pananaw sa kasaysayan ay bahagi ng tunggalian ng dalawang magkasalungat na pananaw sa daigdig – ang MD at ideyalismo. | *Pagtabihin ang* ***Biswal MI-1a*** *at* ***Biswal MI-1b.*** *Hikayatin ang mga mag-aaral na magpaliwanag hinggil dito.* |



MI 1a - IDEYALISTANG PANANAW SA KASAYSAYAN



MI 1b - PROLETARYONG PANANAW SA KASAYSAYAN

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN SA PAGTUTURO |
|---|---|
| **b.** Magkasalungat ang posisyon ng MI at ideyalistang pananaw sa kasaysayan sa sumusunod na mga usapin:<br><br>- batayan ng umiiral na istruktura ng lipunan at ultimong dahilan ng mga pagbabago sa lipunan at pagsulong ng kasaysayan;<br>- posibilidad ng pundamental na pagbabago sa lipunan;<br>- tunggalian ng mga uri;<br>- papel ng mga di karaniwang indibidwal. | *Gawing tsart at ipaliwanag ang* ***Table MI-1****.* |

**k.** Ang tunggalian ng mga uri ang susing aralin ng MI. Itinuturo nito kung paano :

- ang tiyak na mga uri at ang kanilang tunggalian ay iniluluwal ng isang sistemang pang-ekonomya;
- ang tunggaliang ito ay sinasalamin at dinadala sa buhay pampulitika at pangkultura ng lipunan at;
- ang tunggalian ng mga uri sa isang lipunan ay humahantong sa mga pundamental na pagbabago at pagsulong ng lipunan.

## B. Mga Uri at Tunggalian ng mga Uri: Ang Batayan sa Ekonomya

### 1. Ano ang mga pwersa sa produksyon at relasyon sa produksyon?

**a.** Sa bawat panahon ng pag-unlad ng isang lipunan, mayroon itong depinidong sistema ng ekonomya o produksyon na binubuo ng dalawang aspeto, ang mga pwersa at relasyon sa produksyon:

**i. Pwersa sa produksyon**, binubuo ng lahat ng taong nagtatrabaho na may takdang antas ng kaalaman at kasanayan sa paggawa at ng mga kagamitan sa produksyon tulad ng mga kasangkapan, lupa, hilaw na materyales, at iba pa;

**ii. Relasyon sa produksyon,** tumutukoy sa mga relasyon ng mga tao kaugnay ng pagmamay-ari ng mga kagamitan, partisipasyon sa paggawa at hatian ng mga produkto ng lipunan.

**b.** Ang kontradiksyon sa pagitan ng mga pwersa at mga relasyon sa produksyon ang panloob na kontradiksyong nagpapasulong sa produksyon at buhay pang-ekonomya.

**k.** Lumilitaw ang bagong sistema sa produksyon mula sa sinapupunan ng luma.

*Ilinaw ang moda ng produksyon at ang dalawang aspeto nito. Pumili ng alinman sa* ***Biswal MI 3 - 6.***



MI 3 - PRIMITIBO KOMUNAL


### 2. Ano ang batayan sa ekonomya ng pagkakahati ng lipunan sa mga uri?

**a.** Ang pagkakahati ng lipunan sa mga uri ay nakabatay sa mga relasyon sa produksyon. Sa esensya, ang mga relasyon sa produksyon ay pagkakahati at relasyon ng mga uri sa produksyon.


*Gamitin ang Biswal* **MI 2,4,5,6** *para idiin ang batayan sa ekonomya ng pagkakahati ng lipunan sa mga uri.*

**b.** Ang mga uri ay malalaking grupo ng tao na magkakaiba ang katayuan sa isang sistemang pang-ekonomya batay sa:


- pag-aari ng kagamitan sa produksyon;
- partisipasyon sa pagtakbo ng produksyon;
- laki ng parte at mga paraan ng pag-angkin ng parte sa produktong likha ng lipunan.




MI 2 - PAGKAKAHATI NG LIPUNAN SA MGA URI



MI 4 - LIPUNANG ALIPIN



MI 5 - LIPUNANG PYUDAL



MI 6 - LIPUNANG KAPITALISTA

**k.** Ang pagkakahati ng lipunan sa mga uri ay ang paghahati nito sa mga nagsasamantala at pinagsasamantalahan. Sa pagitan ng dalawang dulo ng pagkakahati ng lipunan ay matatagpuan ang mga uring panggitna.

**d.** Ang tunggalian ng mga uri ay nakaugat sa magkasalungat na interes nila sa kabuhayan.

**e.** Ang tunggalian ng mga uring nagsasamantala at pinagsasamantalahan ay nakasentro sa pagwawakas ng partikular na tipo ng pagsasamantala sa loob ng isang sistema ng lipunan.

## 3. Ano ang mga pangunahing sistemang pang-ekonomya o moda ng produksyon sa kasaysayan?

**a.** Sa kabuuan, may limang pangunahing sistemang pang-ekonomya o moda ng produksyon na lumitaw sa kasaysayan ng daigdig. Ang mga ito ay ang sistemang primitibo komunal, alipin, pyudal, kapitalista at sosyalista.

**b.** Ang pag-alam sa mga katangian ng limang pangunahing sistemang ito ay pwedeng maging gabay sa pag-aaral natin sa kasaysayan ng alinmang lipunan, kahit may mga partikularidad ang sariling landas na tinatahak nito sa pagsulong.

**k.** Mayroon ding mga lipunang nasa transisyon at nagtataglay ng mga katangian ng di lamang iisang sistema ng ekonomya.

*Gamitin ang **Biswal MI-3** hanggang **MI-7** at **Table MI-2** sa paglalarawan ng mga sistemang pang-ekonomya.*

*Ihalimbawa ang lipunang Pilipino bago dumating ang kolonyalismong Espanyol*



MI 7 - LIPUNANG SOSYALISTA


## 4. Paano nagaganap ang pagbagsak ng lumang sistemang pang-ekonomya at ang pagpalit ng bago?

Sa kasaysayan ng mga lipunang may uri, ang buhay ng bawat sistemang pang-ekonomya ay mahahati sa panahon ng:


- **pagsibol at pagsulong,** ang panahon ng pagpapalaganap at pagpapalakas ng bagong sistema, ng pagtugma ng mga bagong relasyon sa produksyon sa higit na pag-unlad ng mga pwersa sa produksyon.

*Gamitin ang **Biswal MI-7a** at **MI -7b.***

- **paghina hanggang sa pagbagsak,** sa patuloy na pagsulong ng mga pwersa sa produksyon, dumarating ang yugto na nagiging sagabal na sa pagsulong ang dating mga relasyon sa produksyon.




MI 7a - KLASIKONG PINAGDAANANNG PAG-UNLAD NG SISTEMANG PANLIPUNAN NA MAY MGA URI




MI 7b - PAANO NAGAGANAP ANG PAGBAGSAK NG LUMANG SISTEMANG PANG-EKONOMYA AT PAGPALIT NG BAGO?

## 5. Ano ang papel ng mga uring anakpawis at pinagsasamantalahan sa pagsulong ng produksyon at ng lipunan?

Sa mahabang kasaysayan ng lipunan ng tao, ang mga uring anakpawis at pinagsasamantalahan ang pangunahing pwersang kumikilos para pasulungin at paunlarin ang lipunan. Sila ang tunay na tagapaglikha ng kasaysayan.

*Balikan ang **Biswal MI-3** hanggang **MI-7.***

*Sa pamamagitan ng halimbawang mula sa mag-aaral at instruktor, ipadama sa mga mag-aaral:*

- *paano binubuhay ng uring anakpawis ang lipunang may mga uri;*
- *gaano sila katinding pinahihirapan ng pyudalismo at imperyalismo; at*
- *dapat magsimula ang ating pakikitungo at pamumuno sa masa sa pagkilala sa katotohanang ito.*

## 6. Ano ang papel ng mga mapagsamantalang uri sa pagsulong ng produksyon at ng lipunan?

**a.** Gumaganap ng progresibong papel sa lipunan ang bawat mapagsamantalang uri sa kasaysayan habang sila ay nakikipaglaban pa para maitatag at makonsolida ang sistemang kinakatawan nila:

*Gamitin ang **Biswal MI-7a at MI-7b**. Ilarawan ang papel ng uring burges na ihinahalimbawa sa teksto.*

- pinalalaya nila ang mga pwersa sa produksyon mula sa pagsikil ng lumang relasyon sa produksyon;
- pinauunlad nila ang mga pwersa sa produksyon.

**b.** Gumaganap ng reaksyunaryong papel ang mga mapagsamantalang uri kapag nakonsolida na ang kanilang paghahari at sumibol na ang bago at mas maunlad na mga pwersa sa produksyon at relasyon sa produksyon:

- sinasagkaan nila ang lalong pag-unlad ng pwersa sa produksyon;
- pinipinsala nila ang pwersa sa produksyon at hinahadlangan ang anumang makabuluhang pagbabago sa lipunan.

## K. Estado at Rebolusyon

### 1. Ano ang estado?

**a.** Sa panlabas na anyo nito, ang estado ay isang espesyal na organo na binubuo ng mga armadong pangkat at gubyerno, nagpapairal at nagpapatupad ng mga batas, at nangingibabaw sa lipunan sa isang takdang teritoryo.

**b.** Sa esensya, ang estado ay marahas na instrumento ng makauring paghahari at diktadura, isang organo para sistematikong ipagtanggol ang makauring interes ng mga naghaharing uri at supilin ang mga pinaghaharian.

*Gamitin ang* ***Biswal MI-8.*** *Tuluy-tuloy na talakayin ang* ***Tanong 1*** *at* ***2****.*




MI 8 - ANO ANG ESTADO?

### 2. Kailan lumitaw ang estado sa kasaysayan ng lipunan?

**a.** Nang sumilang ang mga uri, at sumibol ang kanilang tunggalian, ganap na sumibol din ang estado sa lipunan. Ang estado ay bunga ng di mapagkakasundong mga antagonismo sa pagitan ng mga uri sa lipunan.

**b.** Ang estado ay naiiba sa organisasyon ng mga tribu o angkan ng primitibong komunidad.

*Ilagaw sa tsart ang pagkakaiba ng estado sa organisasyon ng mga tribu.*

**k.** Ang relasyon sa estado ay isa pang saligang batayan ng pagkakahati ng lipunan sa mga uri. Bukod sa pagkakahati sa mga nagsasamantala at pinagsasamantalahan, ang makauring lipunan ay nahahati sa mga nang-aapi at inaapi, sa mga naghahari at pinaghaharian.

## 3. Bakit sinabi ni Marx na "ang lahat ng tunggalian ng mga uri ay tunggalian sa pulitika?"

**a.** Laging bahagi ng pagtutunggalian ng mga uri ang usapin ng pagkontrol sa kapangyarihan ng estado.

**b.** Sentral na usapin sa anumang rebolusyonaryong pagbabago sa lipunan ang pagpapabagsak sa lumang kapangyarihan ng estado at pagtatayo ng bago.

**k.** Mapagpasya ang papel ng rebolusyonaryong Partido na kumakatawan at namumuno sa pakikibaka ng mga uring pinagsasamantalahan at inaapi upang agawin ang kapangyarihang pang-estado.

*Talakayin nang tuluy-tuloy ang **Tanong 3,4,5**.*

*Hikayatin ang mag-aaral na magbigay ng halimbawang magpapakita na ang lahat ng tunggalian ng mga uri ay tunggaliang pampulitika.*

## 4. Ano ang rebolusyon?

**a.** Sabi ni Kasamang Mao Zedong: **"Ang rebolusyon ay isang pag-aalsa, isang marahas na hakbang para ibagsak ng isang uri ang isa pang uri."** Dagdag pa: **"Nagmumula sa baril ang kapangyarihan sa pulitika."** Para ibagsak ang naghaharing estado, kailangang gapiin ang sandatahang lakas na pinakahaligi nito.

**b.** May dakila at pundamental na papel ang mga rebolusyon sa pagsulong ng kasaysayan. Sabi ni Marx: **"Ang dahas ang komadrona ng bawat lumang lipunang magsisilang na ng bago."**

*Gamitin ang **Biswal DRB-2.** Gumawa ng istrip ng mga siniping pangungusap nina Mao at Marx tungkol sa rebolusyon.*




DRB 2 - ANG KASALUKUYANG YUGTO NG REBOLUSYONG PILIPINO

*Tanungin ang mag-aaral kung ano ang kahihinatnan ng lipinang Pilipino kung walang DRB.*

### 5. Ano ang papel ng masang api sa lahat ng dakilang rebolusyon?

**a.** Ang lahat ng dakilang rebolusyon ay ipinagtagumpay ng masang api na nagpasyang hawakan ang sariling kapalaran. Sa lahat ng dakilang rebolusyon, ibinagsak ng armadong mamamayan ang paghahari ng mga nagsasamantala at nang-aapi sa kanila.

**b.** Sa panahon ng rebolusyon, higit pang napatutunayan na ang masa ang tunay na bayani at tagapaglikha ng kasaysayan.

**k.** Sa buong kasaysayan, ang proletaryado ay makalalaya lamang sa paglaya ng buong sangkatauhan. Ito ang esensyal na pagkakaiba sa lahat ng naunang rebolusyon sa kasaysayan.

*Hingin ang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa linyang* ***"Ito'y huling paglalaban, magkaisa nang masaklaw ng Internationale ang sangkatauhan"*** *mula sa awit ng Partido, ang* ***"Internationale".***

*Awitin ang* ***"Tao ang Mahalaga."***

## D. Kultura at Rebolusyon sa Kultura

### 1. Saan nagmumula ang mga kaisipan, ideya at paniniwala na laganap sa isang lipunan?

**a.** Ang mga kaisipan, ideya at paniniwala na lumalaganap sa isang lipunan ay mula sa mga karanasan at pagkilos ng tao sa produksyon at sa pakikipagrelasyon sa isa't isa.

**b.** Sa lipunang nahahati sa mga uri, ang pag-iisip ng bawat tao ay may tatak ng kanyang uri. Ang mga kaisipan, ideya at paniniwala sa isang lipunang may mga uri ay nakabatay, sumasalamin at kumakatawan sa mga interes sa ekonomya at pulitika ng uring nagpapalaganap ng mga iyon.

*Ilinaw na ang kaisipan, ideya at paniniwala na lumalaganap sa isang lipunan ang siyang bumubuo sa kultura.*

*Gamitin ang* ***Biswal MD-1****. Ipakita na ang mga konsepto hinggil sa kalayaan, pagkakapantay-pantay at pag-aari ay nag-iiba-iba ang pakahulugan ayon sa kung anong uri ang gumagamit nito.*




MD 1 - PAGKAKAIBA NG DALAWANG PANANAW SA DAIGDIG

## 2. Kaninong kultura ang naghahari sa lipunang may mga uri?

Ang kultura ng lipunang may mga uri ay ang kultura ng uring humahawak ng kapangyarihan sa ekonomya at pulitika. Dahil hawak ng mga naghaharing uri ang mga institusyon sa kultura, ang kanilang mga kaisipan, ideya at paniniwala ang namamayani sa buong lipunan. Ipinalalaganap nila ito upang manatili  ang kanilang paghahari.

*Gamitin ang* ***Biswal MI-9.*** *Hikayatin ang mga mag-aaral na ipaliwanag ang biswal. Dagdagan at lagumin ng instruktor ang mga paliwanag.*



MI 9 - PANGINGIBABAW NG KULTURA NG MGA NAGHAHARING URI


## 3. Ano ang papel ng rebolusyonaryong teorya at kultura sa pagbabago ng lipunan?

**a.** Ang bago at maunlad na mga ideya at teorya ay nagsisilbi sa interes ng bagong sistema at mga progresibong uri. Binibigyang-daan nito ang pagsulong ng lipunan.

**b.** Higit pang makapangyarihan at mahalaga ang mga bagong ideya at teorya habang mas eksaktong sinasalamin ng mga ito ang aktwal na pangangailangan ng rebolusyonaryong transpormasyon sa ekonomya at pulitika. Pinalalaya ng mga bago at rebolusyonaryong ideya at teorya ang pag-iisip ng mga uring pinaghaharian at pinagsasamantalahan.

**k.** Ang mga rebolusyonaryong ideya at teorya ay lalaganap at mangingibabaw anumang pagpigil ang gawin ng mga naghaharing uri at mga ahente nila sa larangan ng kultura. Ayon kay Marx, **"Nagiging materyal na pwersa ang teorya kapag ito'y niyakap ng masa."**

*Gamitin ang* ***Biswal MI-10.***




MI 10 - REBOLUSYONARYONG TEORYA AT KULTURA SA PAGBABAGO NG LIPUNAN

**d.** Imposibleng maganap ang rebolusyonaryong pagbabago kapag walang tumatanglaw na rebolusyonaryong ideya at teorya. Sabi ni Lenin, **"Kung walang rebolusyonaryong teorya, walang rebolusyonaryong kilusan."**

**e.** Para mapalaya ang pag-iisip ng masang Pilipino sa gapos ng reaksyunaryong kulturang kolonyal, burges at pyudal, kailangang masigla at mulat na palaganapin sa masa ng sambayanan ang rebolusyonaryong kulturang pambansa, syentipiko at makamasa.

*Gumawa ng istrip ng mga siniping pangungusap mula kay Marx at Lenin at idikit sa blakbord. Himukin ang mag-aaral na ipaliwanag at palamnan ito ng mga halimbawa mula sa kanilang karanasan sa pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa.*

## E. Sosyalismo at Diktadura ng Proletaryado

### 1. Saan tumutungo ang kasaysayan ng lipunang may mga uri?

**a.** Ang kasaysayan ng lipunang may mga uri ay tumutungo sa komunismo, ang lipunang walang mga uri. Ito ay itinatakda ng obhetibong pag-unlad ng produksyon at lipunan.

**b.** Ang komunismo ay nangangahulugan ng paglaya ng sangkatauhan mula sa pagsasamantala ng tao sa tao, ng paglaya ng mga pwersa sa produksyon mula sa mga sagka ng pribadong pag-aari at ng paglaya ng lipunan sa mga mapinsalang labanan na nagmumula sa labanan ng mga uri. Iiral ang sama-samang paggawa para sa kapakanan ng lahat at ng bawat isa, masigla't tuluy-tuloy na uunlad ang produksyon at lubusang mapapawi ang paghihikahos, pagkabusabos at kamangmangan. Ang tao ay mulat at kusa nang magbabago ng sarili at ng daigdig.

*Gamitin ang* ***Table MI-2****. Sariwain ng instruktor ang mga materyal na batayan ng pagtungo ng lipunan sa komunismo.*

### 2. Ano ang sosyalismo?

**a.** Ang sosyalismo ang maagang yugto ng komunismo. Sa pamamagitan ng pagpapabagsak sa paghahari ng burgesya, itatayo ng proletaryado ang lipunang sosyalista at isusulong ito hanggang sa lubos na marating ang komunismo.

**b.** Sa panahon ng imperyalismo, ang mga rebolusyon sa malakolonyal at malapyudal na lipunan ay bahagi ng proletaryong rebolusyong sosyalista. Pinahihina nito ang pandaigdigang sistemang kapitalista; walang ibang landas sa pag-unlad nito kundi ang sosyalismo.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang* ***Tanong 2*** *at* ***3.***

*Gamitin ang* ***Biswal MI-7*** *at* ***Table MI-2*** *para sa pangkalahatang paglalarawan ng mga katangian ng sosyalismo.*

**k.** Ang pangunahing nilalaman ng proletaryong rebolusyong sosyalista ay ang pagtatayo ng diktadura ng proletaryado – ang pagwasak sa estadong burges at pagtatayo ng estadong proletaryo.

**d.** Ang sosyalistang ekonomya ang naghahanda ng materyal na batayan para pawiin ang mga uri at itatag ang komunismo.

**e.** Ang kultura ng lipunang sosyalista ay pinapatnubayan ng wasto at syentipikong ideolohiya ng proletaryado, ang MLM.



MI 7 - LIPUNANG SOSYALISTA

## 3. Ano ang diktadura ng proletaryado?

**a.** Ayon kay Lenin, **"Ang diktadura ng proletaryado ay ang paghahari – na hindi nahahangganan ng batas, at nakabatay sa dahas– ng proletaryado sa burgesya, paghaharing nagtatamasa ng simpatya at suporta ng masang anakpawis at pinag-sasamantalahan."**

*Gumawa ng istrip ng pangungusap mula kay Lenin. Idikit sa blakbord at ipaliwanag.*

**b.** Ang pagwasak sa makinarya ng estadong burges at ang pagtatatag ng diktadurang proletaryo ang sentral na layunin ng pakikibaka ng proletaryado. Sa tagumpay ng layuning ito nakasalalay ang iba pang tungkulin ng rebolusyong sosyalista.

*Ilagay sa tsart at talakayin ang mga tungkulin ng diktadura ng proletaryado.*

**k.** Bagamat taglay ng diktadura ng proletaryado ang ilang katangian ng mga naunang estado sa kasaysayan, hindi na ito ang ganap na estado. Pundamental na naiiba ang sandatahang lakas nito sa mga ispesyal na sandatahang pangkat ng mga naunang estado.

*Hikayatin ang mag-aaral na magpahayag ng mga katanungan hinggil sa Sosyalismo at Komunismo. Sikaping mabigyan ng kasagutan.*

**d.** Sa patuloy na pagsulong ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon, unti-unting maglalaho ang estadong proletaryo. Sa maunlad na yugto ng komunismo, magiging lubos ang paglaho nito.

*Isara ang talakayan sa pamamagitan ng tula o awit hinggil sa sosyalismo; halimbawa, ang* ***"Pandaigdigang Awit."***

# PAGSASARA NG TALAKAYAN

1. ***Balikan ang balangkas ng paksa at ang pangunahing mga puntong nilinaw. Sikaping sagutin ang mga tanong o puntong hindi pa malinaw.***

2. ***Balikan ang mga layunin ng pag-aaral sa paksa, ipakita kung paano ito tinugunan sa pag-aaral at tayain kung nakamit ang mga layuning ito.***

TABLE **MI**-1

## PAGKAKAIBA NG **IDEYALISTANG PANANAW SA KASAYSAYAN** (**IPK**) AT **MATERYALISMONG ISTORIKO** (**MI**)



| | **IPK** | **MI** |
|---|---|---|
| **A. Ultimong batayan ng umiiral na istruktura ng lipunan at ultimong dahilan ng mga pagbabago sa lipunan at pagsulong ng kasaysayan.** | **1.** Mauunawaan sa pamamagitan ng pag-aaral sa kamalayan at mga ideya ng tao at mga pagbabago nito.<br>**2.** pagbabago sa pulitika ang pinakamahalaga.<br>**3.** Pinagpapasyahan ng diyos o tadhana.<br>**4.** Walang katapusang panghuhula sa mga motibo ng tao, ng suhetibong mga palagay sa kalagayan at patutunguhan ng lipunan. | **1.** Nakabase sa materyal na kalagayan at buhay ng lipunan, sa kalagayan ng produksyon at palitan ng mga materyal na pangangailangan para mabuhay ang tao.<br>**2.** Ito ang ugat ng mga pagbabago sa kamalayan, mga ideya at institusyong pampulitika.<br>**3.** Ang kasaysayan ay itinakda ng mga batas na independyente sa kagustuhan ng tao. Sabi ni Marx: "Ang tao ang gumagawa ng sariling kasaysayan pero ginagawa niya iyon sa kalagayang itinakda ng obhetibong mga batas na labas sa suhetibong kagustuhan niya." |
| **B. Posibilidad ng pundamental na pagbabago sa lipunan**. | **1.** Itinatanggi ang posibilidad at realidad ng pundamental na pagbabago sa lipunan.<br>**2.** Umiibento ng kanya-kanyang modelo ng "natural" o "ideyal" na kaayusan ng lipunan at palagian ang mga ito — noon, ngayon at magpakailanman. | **1.** Itinuturo na patuloy na nagbabago ang lipunan, sa porma at laluna sa esensya.<br>**2.** Naninindigan sa rebolusyonaryong pagbabago at yugtu-yugtong pag-unlad ng lipunan.<br>**3.** Magkakaiba sa esensya ang mga lipunang lumitaw at bumagsak. |

| | IPK | MI |
|---|---|---|
| **K. Tunggalian ng mga uri** | **1.** Mahigpit na itinatatwa ang pag-iral at kabuluhan ng tunggalian ng mga uri. " Ang pagkakaroon ng mahirap at mayaman ay resulta ng "natural" na pagkakaroon ng masipag at tamad, matalino o istupido o "guhit ng tadhana"<br>**2.** Bulag na pagsunod ng mga pinag-haharian sa mga naghahari; pagkaka-sundo ng mga uri.<br>**3.** Ang rebolusyon at digma ay resulta ng kasamaan ng isa o ilang tao, ng sim-pleng di pagkaintindihan, aksidente, o ng kasamaang likas sa tao. | **1.** Ang kasaysayan ng mga naunang lipunan (liban sa Primitibo Komunal) ay kasaysayan ng mga tunggalian ng mga uri.<br>**2.** Ang pagkakahati sa mga uri at tunggalian ng mga uri ay resulta ng kontradiksyon sa lipunan batay sa antas ng pag-unlad sa produksyon.<br>**3.** Ang rebolusyon at digma ay tunggalian ng mga uri at kailangan para makamit ang malalaking igpaw sa pagsulong ng kasaysayan. |
| **D. Papel ng mga di karani-wang indibidwal – mga hari, heneral, lider o henyo** | **1.** Makaisang-panig na idinidiin ang papel ng mga di karaniwang indibidwal; ang takbo ng kasaysayan ay pinag-papasyahan ng mga aktibidad ng mga indibidwal na ito.<br>**2.** Hindi malinaw o menor ang papel ng masa. | **1.** May mahalagang papel dahil naka-kaimpluwensya sila sa takbo ng lipunan pero ang saligang usapin ay kung tinatanggap ng masa ang isang ideya<br>**2.** Kaya, sentro ang pansin sa buhay ng masa, sa lahatang-panig na pag-aaral ng kalagayan, relasyon at tunggalian ng buu-buong mga uri sa halip na sa partikularidad at hilig ng mga indibidwal, gaano man sila katangi-tangi. |

**TABLE MI- 2**

## MGA **SISTEMANG PANG-EKONOMYA** SA **KASAYSAYAN**

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| |  |  |  |  |  |
| | **PRIMITIBO KOMUNAL** | **ALIPIN** | **PYUDAL** | **KAPITALISMO** | **SOSYALISMO** |
| **PANAHON** NG **PAG-IRAL:** | 40,000+ taong nakalipas | 4,000 – 3,000 BC<br>(5–6 libong taong nakalipas) | 400 AD (Europe)<br>1000 BC (China) | Ika-15 – ika-16 siglo | Ika -20 siglo (1917….) |
| **KATANGIAN** NG **PRODUKSYON:** | Mababa ang antas na nakaasa sa pangangalap sa kalikasan.<br><br>Pinakasimpleng Kasangkapan sa Produksyon (KsP), walang pribadong pag-aari ng KsP.<br><br>Komunal na produksyon at komunal na distribusyon ng produkto. | Lumitaw ang pribadong pagmamay-ari sa lupa sa ngalan ng angkan at importanteng KsP.<br><br>Pwersahang paggawa ng mga alipin na pinagsamantalahan ng mga panginoong nang-aalipin. | Umunlad ang KsP at ispesyalisasyon sa agrikultura.<br><br>Matinding pagsasamantala ng panginoong maylupa sa mga magsasaka na pwersadong magbayad ng upa sa anyo ng paggawa, produkto o salapi.<br><br>Maliitan at indibidwal na produksyon para sa sariling gamit ng pamilya o komunidad. | Moderno at malakihang produksyon ng kalakal, samasamang paggawa ng manggagawa, sistematikong paggamit ng makina at modernong syensya sa produksyon.<br><br>Pribadong pag-aari ng mga kapitalista ang mga KsP.<br><br>Matinding pagsasamantala sa uring manggagawa. | Ang KsP ay itinatransporma tungo sa pag-aari ng buong lipunan, planadong produksyon ayon sa pangangailangan ng kabuuan at ng mga indibidwal, kontrolado ang pamilihan hanggang ganap na maiwaksi ang papel nito. |
| |  |  |  |  |  |

**TABLE MI- 2**

## MGA **SISTEMANG PANG-EKONOMYA** SA **KASAYSAYAN**

| | PRIMITIBO KOMUNAL | ALIPIN | PYUDAL | KAPITALISMO | SOSYALISMO |
|---|---|---|---|---|---|
| **MGA URI:** | Wala pang uri | | | | |
| NAGHAHARI: | | Panginoong Nang-aalipin | Panginoong Maylupa | Burgesya | Proletaryado |
| PANGGITNA: | | Mga artesano, enhinyero, maliit, nagsasariling mag-sasaka, pinalayang alipin, mandirigma na nagsisilbi sa panginoon. | Nagsasariling artesano at magsasaka, tagayaring-kamay | Petiburgesya (intelektwal, sanay na manggagawa, maliit na negosyante) | |
| PINAGHAHARIAN: | | Mga alipin | Magsasakang walang lupa o kulang ang lupa | Manggagawa | Burgesya |
| **ESTADO:** | Wala | Diktadura ng mga pangi-noong nang-aalipin laban sa mga alipin | Diktadura ng mga panginoong maylupa laban sa magsasaka | Diktadura ng burgesya laban sa proletaryado | Diktadura ng proletaryado laban sa burgesya |
| **KULTURA:** | Primitibo, mahigpit ang ugnay sa kalikasan. | Kultura ng mga panginoong nang-aalipin | Pyudal: bulag na pagsunod sa mga naghahari, pamahiin, | Burges: Makasarili, maka-pangyarihan ang salapi | Syentipikong ideolohiyang pinapatnubayan ng MLM. |
| **PAANO NAIBAGSAK AT NAPALITAN NG BAGO:** | Pagsulong ng produksyon tungo sa paghahati-hati ng trabaho, pagsasarili ng pamilya at pagkakaroon ng pribadong pagmamay-ari ng KsP. | Walang tigil na digmang pana-nakop para pagkunan ng dagdag na alipin, pag-aalsa ng mga alipin at mga kolonya, marahas na alitan ng mga panginoon at pananalakay ng mga kahariang barbaro. | Pag-unlad ng produksyon tungo sa maliit na kapitalistang pagawaan. Bumilis ang pagka-lusaw ng produksyong pyudal, pag-angat ng kapangyarihan ng mga kabayanan at komer-syante at pangingibabaw ng komersyo at salapi. Pangi-ngibabaw ng modernong produksyon. Rebolusyong Burges na tu-mungo sa ganap na pagbag-sak ng sistemang pyudal. | Lumitaw ang krisis sa labis na produksyon. Lumaganap ang rebolusyonaryong teorya ng Marxismo at pakikibaka ng proletaryado para palayain ang sarili at lipunan. Nagtagumpay ang Rebolusyong Sosyalista ng 1917 sa Rusya.Nangingibabaw pa ang kapitalismo ngunit dumaranas ng pinakamatinding krisis mula WWII. | May ilang bayang nagtagum-pay ang sosyalismo. Ang ilan ay nanumbalik sa kapitalismo dahil sa modernong rebisyu-nismo, ang ilan ay naninindigan at nagpupunyagi sa sosya-lismo.Nasa yugto pa tayo ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon. |

# EKONOMYANG PAMPULITIKA (EP)

## LAYUNIN



1. Pag-aralan ang ekonomyang pampulitika (EP) bilang patnubay sa wastong pag-unawa sa batas ng paggalaw ng ekonomya ng lipunan, sa mga uri at tunggalian ng mga uri.

2. Mailinaw kung paano susuriin ang kabuuang balangkas at mga relasyon ng mga uri sa lipunan.

3. Mailinaw ang mga materyal na batayan ng mga rebolusyonaryong adhikain at pakikibaka ng uring manggagawa at magsasaka, at ang mga materyal na batayan ng sosyalistang hinaharap ng rebolusyong Pilipino.

# PAGBUBUKAS NG TALAKAYAN

1. *Ilahad kung ano ang EP; ilinaw na ito ay bahagi, sa katunayan ay susing bahagi, ng materyalismong istoriko. Iugnay sa pag-aaral ng MD at MI.*

2. *Ilahad kung paano nagkahugis ang EP bilang hiwalay na larangan ng pag-aaral at paano ito itinransporma ni Marx bilang lubos na syentipikong larangan.*

3. *Idiin kung bakit mahalagang maunawaan ng lahat ng Komunistang Pilipino ang teorya ng Marxistang EP.*

4. *Iugnay ang mga layunin ng pag-aaral sa kalagayan at mga pangangailangan ng mag-aaral.*

5. *Ilahad ang balangkas ng paksa:*

   **A. Paksang Aralin ng Ekonomyang Pampulitika**
   **B. Pagsasamantalang Kapitalista sa Uring Manggagawa**
   **K. Krisis ng Kapitalismo at ang Sosyalismo**
   **D. Pagsasamantalang Pyudal at Malapyudal sa mga Magsasaka at Manggagawang Bukid**
   **E. Rebolusyong Agraryo at Sosyalistang Transpormasyon ng Kanayunan**

# KATAWAN NG TALAKAYAN

## A. Paksang Aralin ng Ekonomyang Pampulitika

### 1. Ano ang paksang aralin ng ekonomyang pampulitika?

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN SA PAGTUTURO |
|---|---|
| Ang sentral na aralin ng ekonomyang pampulitika ay ang relasyon ng mga uri sa produksyon at palitan – ang relasyon ng nagsasamantala at pinagsasamantalahan sa buhay pang-ekonomya ng lipunan. | *Gamitin ang* **Biswal EP-1.** *Tuluy-tuloy na talakayin ang* **Tanong 1, 2,** *at* **3.***Pag-ibahin ang Marxistang EP sa burges na pag-aaral ng ekonomya na sumesentro lamang sa usapin ng palitan at materyal na pangangailangan at ikinukubli ang esensyal na mapagsamantalang relasyon sa pagitan ng mga uri. Bigyang-diin ang makauring nilalaman ng Marxistang ekonomyang pampulitika at para kanino ito.* |




EP 1 - SENTRAL NA ARALIN NG EKONOMYANG PAMPULITIKA ANG RELASYON NG MGA URI SA PRODUKSYON AT PALITAN

### 2. Ano ang pagsasamantala?

| | |
|---|---|
| **a.** Ang pagsasamantala ay ang paggamit sa paggawa ng iba nang walang kapalit. Ito ang saligang katangian ng pagsasamantala na matatagpuan sa lahat ng sistema ng ekonomya na nahahati sa mga uri. | *Tanungin ang mag-aaral kung ano ang pagkaunawa nila sa "pagsasamantala". Magbigay ng mga simple at kongkretong halimbawa ng pagsasamantala batay sa karanasan ng mag-aaral.* |

**b.** Lumilitaw ang pagsasamantala saanman ang isang bahagi ng lipunan ay may monopolyo sa pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon at kung gayon, saanman may pribadong pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon.

*Gamitin ang* **Biswal EP-2**. *Ipakita ang monopolyo sa pagmamay-ari ng mga naghaharing uri sa kagamitan sa produksyon.*




EP 2 - KALAGAYANG PINAGSIBULAN NG KAPITALISTANG PAGSASAMANTALA

## 3. Bakit isang syensyang istoriko ang ekonomyang pampulitika?

**a.** Magkakaiba ang katangian ng produksyon at mga relasyon ng mga uri sa iba't ibang sistema ng ekonomya at sa iba't ibang yugto ng kasaysayan. Kung gayon, magkakaiba ang mga batas ng ekonomyang pampulitika sa iba't ibang lugar at panahon.

*Balikan ang* **Biswal MI-3** *hanggang* **MI-7**. *Ipakita ang pagkakaiba ng mga katangian ng produksyon at relasyon ng mga uri sa bawat sistemang panlipunan.*




MI 3 - PRIMITIBO KOMUNAL


**b.** Mawawakasan lamang ang isang partikular na tipo ng pagsasamantala kung mawawakasan ang partikular na monopolyo sa kagamitan sa produksyon na nagbunga nito.

**k.** Ang ekonomyang sosyalista ay ganap na naiiba sa mga nakaraang sistema ng ekonomya dahil hindi ito nakabatay sa mga relasyon ng pagsasamantala. Saligan ang pagkakaiba ng mga batas ng pag-unlad nito na kailangang masapol para maisulong ang rebolusyon at konstruksyong sosyalista.

*Idiin na kailangang magpakahusay sa pag-aaral ng EP upang maunawaan ang mga kongkretong batayan sa pagsusulong ng rebolusyong Pilipino at ng sosyalistang hinaharap nito.*



MI 4 - LIPUNANG ALIPIN



MI 5 - LIPUNANG PYUDAL



MI 6 - LIPUNANG KAPITALISTA



MI 7 - LIPUNANG SOSYALISTA

## B. Pagsasamantalang Kapitalista sa Uring Manggagawa

**Nota:** *Gumawa ng flow chart ng buong paksa para ipakita ang lohika at wastong salansan ng mga konsepto. Gamitin ang* **Power Point EP-1.**

### 1. Ano ang mga kalagayang pinagsibulan ng kapitalistang pagsasamantala?

**a.** Ang dalawang esensyal na kalagayan para sa pagsibol ng mga relasyon at pagsasamantalang kapitalista:

- naiipon ang malaking puhunan sa kamay ng ilang indibidwal at namamayani ang maunlad na produksyon at kalakal.
- walang ikinabubuhay ang malaking bilang ng mamamayan kundi ang pagbebenta ng kanilang lakas-paggawa.

**b.** Makikita ang kapitalistang produksyon sa Pilipinas sa industriya at sa malawak na korporasyong sakahan ng mga pananim na komersyal na pag-aari ng mga bagong tipong panginoong maylupa (PML) at ng kasosyo nilang malaking burgesyang komprador (MBK) at dayuhang monopolyong kapitalista.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang* ***Tanong 1–5****. Gamitin ang* ***Biswal EP-2****. Ilinaw ang ugnayan ng mga kalagayang pinagsibulan ng kapitalistang pagsasamantala.*




EP 2 - KALAGAYANG PINAGSIBULAN NG KAPITALISTANG PAGSASAMANTALA

### 2. Ano ang kalakal? Ano ang halaga ng isang kalakal?

**a.** Ang kalakal ay bagay na produkto ng paggawa ng tao, tumutugon sa partikular na pangangailangan ng tao, at nililikha para ibenta o ipagpalit sa ibang bagay.

- sa ekonomyang kapitalista, ang mga produkto ay kalakal, ang kayamanan ng lipunang kapitalista ay napakalaking tipon ng mga kalakal.
- kaya ang pag-aaral sa EP ng kapitalismo ay nagsisimula sa pag-aaral sa katangian ng kalakal.


*Ilinaw kung bakit sa kalakal nagsisimula ang pagbaybay sa kapitalistang pagsasamantala. Gamitin ang mga halimbawang nasa teksto..*

*Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng halimbawa ng mga kalakal na likha sa kanilang lugar.*

**b.** Kapag pinag-uusapan sa EP ang halaga ng kalakal, ang tinutukoy ay hindi ang gamit nito, kundi ang halaga nito sa palitan.

**k.** Ang halaga ng kalakal – ang halaga nito sa palitan – ay nagmumula sa paggawang inilapat upang malikha ito. Nagkakaroon lamang ng halaga ang isang bagay kung ginagamitan ng paggawa ng tao upang maging kapakipakinabang at maipagpalit sa ibang kalakal.

*Gamitin ang* **Biswal EP-3.**




EP 3 - HALAGA NG KALAKAL

## 3. Paano sinusukat ang halaga ng isang kalakal?

**a.** Ang halaga ng kalakal ay nakabatay sa kantidad o dami ng paggawa na laman nito.

**b.** Ang sukatan naman ng paggawa ay ang tagal ng pagtatrabaho. Mas matagal ang pagyari sa produkto, mas maraming paggawa ang laman nito, at mas mataas ang halaga nito. Gayunman, may iba't ibang katangian ang paggawa. May simple at kumplikado, at ang kumplikadong paggawa ay mas malaki ang sukat ng paggawang taglay nito.

**k.** Samantalang sinusukat ang halaga batay sa tagal ng paglikha sa isang kalakal, hindi ang indibidwal na kapitalista o manggagawa ang nagpapasya sa aktwal na halaga ng kalakal. Itinatakda ng lipunan ang halaga ng kalakal sa pamamagitan ng pamilihan. Sinusukat ito batay sa karaniwang oras ng paggawa na kailangan sa paglikha ng isang kalakal, ayon sa kabuuang antas ng kasanayan ng mga manggagawa at antas ng kakayahan sa teknolohiya.

**d.** Ang katangiang ito ng halaga ang nagtutulak sa bawat kapitalista na makipag-unahan sa ibang kapitalista sa paggamit ng mas abanteng teknolohiya at paraan sa produksyon, at ito ang ugat ng walang-habag na kompetisyong namamayani sa lipunang kapitalista.

*Idiin na ang kongkretong batayan para masukat ang halaga ng bawat kalakal ay itinatakda ng karaniwang oras ng paggawa na kailangan para malikha ito.*

*Gamitin ang* **Biswal EP-3** *para ipakita ang bumubuo ng halaga ng isang kalakal. Ang H1, H2, H3 at ang HK ay likhang lahat ng uring manggagawa, hindi ng uring kapitalista. Idiin ang panlipunang katangian ng kalakal.*

## 4. Ano ang presyo ng kalakal?

**a.** Ang presyo ng kalakal ay ang halaga nito sa salapi. Sa kabuuan, ang presyo ng kalakal ay nakabatay at umiinog sa tunay na halaga nito.

**b.** Kadalasang naiiba ang presyo ng kalakal sa tunay na halaga nito bunga ng:

- galaw ng pamilihan (suplay at pangangailangan)
- pagmamanipula ng mga monopolista sa pamilihan
- presyo ng pagbubuwis at iba pang patakaran ng gubyerno

*Ihalimbawa ang pagbabago sa presyo ng mga kalakal gaya ng langis, gamot at makinarya, dahil sa galaw ng pamilihan. Idagdag na tuwing anihan ay bagsak ang presyo ng produkto ng magsasaka dahil sa manipulasyon ng mga monopolista. Ihalimbawa rin ang Value Added Tax (VAT) at iba pang buwis ng gubyerno bilang dagdag sa presyo ng kalakal.*

*Ihalimbawa ang presyo ng langis, gamot at makinarya.*

## 5. Ano ang sahod?

**a.** Ang sahod ay ang presyo ng lakas-paggawa ng mga manggagawa. Ang lakas-paggawa naman ay ang kakayahang magtrabaho sa loob ng isang panahon. Sa sistemang kapitalista, ang lakas-paggawa ng mga manggagawa ay ibinebenta at binibili bilang kalakal.

*Ilinaw na ang kapitalistang sahod ay mula sa pondong salapi (puhunan) ng kapitalista at ibinabayad sa mga manggagawa kahit bago pa mayari o maibenta ang produkto.*

**b.** Sa unang tingin, ang paggawa mismo ang binibili ng kapitalista sa pamamagitan ng sahod, pero ang totoo'y ang lakas-paggawa ang binibili ng sahod.

*Ilinaw ang katangian ng lakas-paggawa bilang "espesyal na kalakal."*

**k.** Ang halaga ng lakas-paggawa, tulad ng ibang kalakal, ay itinatakda ng dami ng paggawa na kailangan para malikha iyon, ibig sabihin, nakabatay sa kantidad ng paggawa na kailangan ng manggagawa upang siya at ang kanyang pamilya ay mabuhay at magkaroon siya ng sapat na lakas para magtrabaho.

## 6. Ano ang labis na halaga?

**a.** Ang labis na halaga ay ang partikular na tipo ng labis na produktong hinuhuthot ng kapitalista sa manggagawa.


*Tuluy-tuloy na talakayin ang **Tanong 6, 7** at **8.***

**b.** Ang esensya ng kapitalistang pagsasamantala ay ang pag-angkin ng labis na halagang nalilikha ng manggagawa. Dahil binibili niya ang lakas- paggawa ng manggagawa, may karapatan siyang pagtrabahuhin para sa kanya ang manggagawa, na nakalilikha naman ng halaga na mas malaki kaysa sahod niyang tinatanggap.

*Gamitin ang **Biswal EP-4** at linawin kung sino ang lumilikha ng labis na halaga.*

**k.** Ang labis na halaga ay mahahati sa:

- Tubo para sa kapitalista sa pabrika
- Interes para sa kapitalista sa bangko
- Upa sa lupa sa panginoong maylupa
- Buwis na sinisingil ng estado




EP 4 - ANO ANG LABIS NA HALAGA?

## 7. Paano sinusukat ang tantos o tindi ng pagsasamantala sa uring manggagawa?

**a.** Sinusukat ang tantos o tindi ng pagsasamantala sa manggagawa sa pamamagitan ng paghahambing sa halagang tinatanggap ng manggagawa at halagang inaangkin ng kapitalista. Sa ibang salita, sinusukat kung ilang piso ang nakukurakot ng kapitalista sa bawat pisong ipinasasahod niya sa manggagawa.

**b**. Ang tantos ng pagsasamantala ay maaari ring ipahayag ayon sa oras: sa loob lamang ng ilang minuto ay nalilikha ng manggagawa ang kanyang sahod at ang natitirang mahigit na pitong oras na paggawa ay napupunta sa kapitalista.

**k.** Iba ang tantos ng pagsasamantala sa tantos ng ganansya. Sa una, hindi kasama sa kwenta ang puhunang nagastos sa makinarya at hilaw na materyales. Sa tantos ng ganansya, ihinahambing ang buong puhunan sa labis na halaga.

*Gamitin ang* ***Case Study EP-1*** *at* ***2*** *para sa pagsukat ng tantos o tindi ng pagsasamantala.*

## 8. Paano pinasisidhi ang pagsasamantala sa mga manggagawa?

**a**. Masusuma sa dalawa ang pangunahing paraan ng pagpapasidhi sa kapitalistang pagsasamantala sa mga manggagawa:

- ang pagpapalaki ng labis na halaga sa pamamagitan ng pagpapahaba ng araw ng paggawa. Ito ang paglikha ng absolutong labis na halaga.

*Maghanda ng mga larawan (collage) ng isang modernong pagawaan (assembly line, modernong makinarya, teknolohiya, paraan ng produksyon, gusali at iba pa). Ipakita at ipaliwanag ito kaugnay sa paglikha ng absoluto at relatibong labis na halaga.*

- ang pagpapaikli ng kinakailangang oras ng paggawa sa pamamagitan ng mas maunlad na makinarya at paraan ng produksyon at pagpapataas sa gayon ng produktibidad ng paggawa. Ito ang paglikha ng relatibong labis na halaga.

**b**. Ang pangkalahatang tendensya ng mga kapitalista ay pababain ang sahod at palakihin ang labis na halaga. Ang sahod at labis na halaga ay galing sa iisang pondo na likha ng mga manggagawa.

**k.** Habang umiiral ang sistemang sahuran, ang sahod ay itinatakda ng pamilihan at ang pamilihan ay pabor sa mga kapitalista. Pero ang aktwal na sahod, samantalang nakabatay sa kalagayan ng pamilihan, ay itinatakda ng tunggalian ng mga kapitalista at manggagawa.

**d.** Ang kilusan ng manggagawa ay dapat itaas sa antas na nilalayon ang ganap na paglaya nila, sa antas ng pagwasak sa sistemang sahuran at sa mismong sistemang kapitalista.

*Idiin na sa Pilipinas, ang minimum na sahod ng manggagawa ay hindi sapat upang siya at ang kanyang pamilya ay mabuhay. Tingnan ang* **Table EP-1**.

*Ilinaw ang pagkamakatarungan ng kahilingan sa pagtaas ng sahod na dapat itinataas ang pakikibaka rito sa pampulitikang paglaban ng uri; na tunay na lalaya lamang ang uring manggagawa sa pagwasak sa sahurang pang-aalipin.*

*Linawin na mahalaga ang pakikibaka ng mga manggagawa sa usaping pang-ekonomya at pang-unyon. Dapat itransporma ang mga unyon tungo sa mga rebolusyonaryong unyon upang maatake ang pinakaugat ng problema. Sumangguni sa* **Apendiks EP-1**.

## K. Krisis ng Kapitalismo at ang Sosyalismo

### 1. Paano nagaganap ang kapitalistang akumulasyon?

**a**. Bahagi ng papalaking tubo ng kapitalista ay inilalaan para sa pagdaragdag at pagpapaunlad ng mga makinarya, kasangkapan at iba pang kagamitan sa produksyon. Ang patuloy na pagpapalaking ito sa pondo at istak ng mga kagamitan sa produksyon na nakakonsentra sa kamay ng mga kapitalista ay kapitalistang akumulasyon.

**b**. Ang pangungutang sa bangko ay isa pang mahalagang paraan ng kapitalista upang pabilisin ang pagpapalaki sa kanyang puhunan at pabilisin ang pagpapaunlad at pagpaparami sa kanyang kagamitan sa produksyon.

**k**. Dala ng kompetisyong umiiral sa kapitalistang lipunan, masidhi ang pangangailangan na patuloy na pahusayin ng bawat kapitalista ang kanyang makinarya at lalong pahigpitin ang pag-oorganisa sa produksyon sa kanyang empresa. Sa gayon, napapalaki ng kapitalista ang produksyon at napapababa ang gastos sa produksyon ng bawat piraso ng kalakal na nalilikha.

*Iugnay sa naunang paksa. Tuluy-tuloy na talakayin ang* **Tanong 1-3**. *Gamitin ang* **Tsart EP-1** *at* **Biswal EP-5**




EP 5 - KAPITALISTANG AKUMULASYON

## 2. Ano ang epekto sa mga manggagawa ng kapitalistang akumulasyon?

**a**. Para sa mga manggagawa, ang kapitalistang akumulasyon ay katumbas ng matindi at papatindi pang pagsasamantala:

- ito ay nakabatay sa pagpiga ng malaking labis na halaga mula sa mga manggagawa;
- ito ay nagbubunga ng ibayong pagpapatindi ng paggawa ng manggagawa;
- mabilis nitong pinakikitid ang pangangailangan sa paggawa ng tao.

**b**. Sa kapitalismo, ang makinaryang pinakamaunlad na instrumento para mapagaan ang trabaho ay nagiging pinakamalupit na instrumento rin para lustayin ang lakas-paggawa at manghuthot sa mga manggagawa.

*Magbigay ng mga halimbawa kung paano nagdudulot ng labis na paghihirap sa masang manggagawa ang kapitalistang akumulasyon. Sumangguni sa mga pinakahuling pahayag ng Partido hinggil dito.*
*Gamitin ang* **Power Point EP-1**


## 3. Paano nagaganap ang mga krisis ng kapitalismo?

**a.** Ang walang tigil na paghahabol sa ganansya, ang kapitalistang akumulasyon at kapitalistang kumpetisyon, ang relasyon ng akumulasyon at kumpetisyon na nagpapatindi sa isa't isa ay nagbubunga ng mabilis na paglawak at paglaki ng produksyon sa lipunan. Pero hindi nakakasabay sa bilis ng paglaki ng produksyon ang bilis ng paglaki ng pamilihan. Kaya ang natural na patutunguhan nito ay ang krisis ng labis na produksyon.

**b.** Ang mga krisis ng kapitalismo, ang kanilang pagdalas, ang paglawak ng kanilang pinipinsala at paglaki ng kanilang pamiminsala, ay palatandaang lipas na ang sistemang kapitalista.

*Gamitin ang* **Biswal EP-6a** *at* **6b.**

*Idiin na ang mga krisis ng kapitalismo ay palatandaang lipas na ang sistemang kapitalista.*




EP 6b - PAANO NAGAGANAP ANG MGA KRISIS NG KAPITALISMO?




EP 6a - KRISIS NG LABIS NA PRODUKSYON

## 4. Ano ang rebolusyong sosyalista?

***Nota:*** *Bago talakayin ang* ***Tanong 4****, idiin ang batayang kontradiksyon sa lipunang kapitalista: sosyalisadong produksyon at pribadong apropriyasyon ng produkto/pribadong pag-aari ng mga kagamitan sa produksyon. Magsisilbi itong paglagom sa unang mga tanong at paglalatag ng materyal na batayan ng rebolusyong sosyalista.*

**a.** Ang rebolusyong sosyalista ay ang rebolusyon ng uring manggagawa upang ibagsak ang sistemang kapitalista, pawiin ang kaakibat nitong pagsasamantala, pang-aalipin at mga krisis, at tuluy-tuloy na paunlarin ang produksyon ayon sa pangangailangan ng buong lipunan at ng bawat indibidwal.

**b.** Winawasak ng uring manggagawa ang makinarya ng estadong kapitalista at inaagaw ang kapangyarihang estado. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng estadong sosyalista, gagawing pag-aaring publiko ang mga kagamitan sa produksyon.

**k.** Ang sosyalismo ang unang hakbang sa pagpawi sa pagsasamantala ng tao sa tao at ng mga uri sa lipunan.

**d.** Magiging tuluy-tuloy at mas mabilis ang pag-unlad ng produksyon dahil lalaya ito sa mga sagkang bunga ng pagpiga ng kapital ng labis na halaga at ng kapitalistang akumulasyon, at lalaya sa pana-panahong krisis na sumisira sa mga pwersa sa produksyon. Hahalili ang planadong produksyon sa anarkiya sa produksyong dominado ng pamilihan.

*Gamitin ang* ***Biswal MI-7****. Ilinaw ang mga batayang katangian ng sosyalistang lipunan.*



MI 7 - LIPUNANG SOSYALISTA

# D. Pagsasamantalang Pyudal at Malapyudal sa mga Magsasaka at Manggagawang Bukid

***Nota:*** *Ilinaw na ang naunang tinalakay ay ang kapitalistang pagsasamantala sa uring manggagawa; sa paksang ito, ang pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa uring magsasaka naman ang didiinan.*

## 1. Ano ang mga kalagayang pinagsisibulan ng pyudal na pagsasamantala at relasyon sa produksyon?

Ang mga kalagayang pinagsisibulan ng pyudal na pagsasamantala at relasyon sa produksyon ay:

- likas na ekonomyang nakasasapat sa sarili;
- monopolyo ng iilang panginoong maylupa sa malalawak na lupain;
- maliit at hiwa-hiwalay na produksyon ng mga magsasaka.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang* ***Tanong 1 - 2****.*

*Gumamit ng ilang halimbawa mula sa panlipunang pagsisiyasat sa larangan o probinsya upang ilarawan ito.*

## 2. Ano ang malapyudalismo?

**a.** Sa sistemang malapyudal, umiiral ang relasyong kapitalista pero nananatili sa malawak na kanayunan ang pyudal na relasyon. Nalulusaw ang pyudalismo pero hindi pa lubos ang pangingibabaw ng kapitalismo.

**b**. Ang malapyudalismo sa Pilipinas ay bunga ng pagpasok at pangingibabaw ng imperyalismong US sa lumang pyudal na lipunan. Ekonomyang nakabatay sa salapi; ispesyalisasyon sa agrikultura; kapital sa usura at komersyo sa malawak na bahagi ng kanayunan; atrasadong produksyon; walang saligang industriya at limitado sa panimulang pagpoproseso ng hilaw na materyales pang-eksport at "repacking" ng mga produktong pangkonsumo; pangingibabaw ng malaking burgesyang komprador sa sistemang kalakal; laganap ang pangingikil ng usura sa lupa, at lukob ng pyudalismo sa kanayunan ang mga malapyudal na elemento.

**k**. Dulot ng pagkaubos ng lupang maaaring sakahin at mabilis na konsentrasyon ng lupa, lumalaki ang bilang ng walang lupa, maraming magsasaka ang napipilitang magbenta ng lakas-paggawa at dumarami ang walang hanapbuhay.





MD7 - UNIBERSALIDAD AT PARTIKULARIDAD NG KONTRADIKSYON

*Gamitin ang **Biswal EP-7a, Biswal EP-7b** at **Biswal MD-7.***

*Ilinaw ang mga katangian ng malapyudalismo sa Pilipinas.*

*Gumamit ng ilang halimbawa mula sa panlipunang pagsisiyasat ng larangan o probinsya upang ilarawan ito.*

*Ipaliwanag ang higit pang paglala ng suliranin sa lupa bunga ng pagkaubos ng mga prontera at rekonsentrasyon sa pag-aari ng lupain ng malalaking panginoong maylupa.*




EP 7a - MALAPYUDALISMO SA PILIPINAS




EP 7b - SISTEMANG MALAPYUDAL SA PILIPINAS

## 3. Ano ang upa sa lupa at iba pang anyo ng pyudal na pagsasamantala?

**a.** Ang pagpiga ng napakataas na upa sa lupa ang saligang anyo ng pyudal na pagsasamantala. Ang upa sa lupa ay buwis na sapilitang kinukuha o kinikikil ng uring PML batay lamang sa monopolyo sa lupain nang walang pamumuhunan.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang* ***Tanong 3*** *at* ***4****. Gamitin ang* ***Biswal MD-7****,* ***Biswal EP-8*** *at* ***Case Study EP-3.*** *Maglahad ng mga kasong pinag-aralan hinggil sa pyudal na pagsasamantala. Magbigay ng mga karagdagang halimbawa ng mga anyo ng upa sa lupa sa mga mayor na pananim. Ihambing ang laki ng upa sa kabuuang ani ng isang kasama.*




EP 8 - PAGSASAMANTALANG PYUDAL AT MALAPYUDAL

**b.** Ang pyudal na usura o ang pagpapautang ng panginoong maylupa sa mga magsasaka sa napakataas na interes ay isa pang paraan ng PML para higit na mapalaki ang parte nito sa ani o pinipigang labis na produkto sa magsasaka.

*Magbigay ng iba't ibang anyo ng usura. Ipakita ang laki ng interes na napunta sa PML mula sa prinsipal na inutang ng magsasaka.*

**k.** Ang sapilitang pang-aalila ay naididikta ng PML dahil sa kanyang monopolyo sa lupang sinasaka ng kasama.

*Hikayatin ang mga mag-aaral na magbigay ng mga halimbawa ng pyudal na pagsasamantala mula sa lokalidad.*

## 4. Anu-ano ang mga anyo ng pagsasamantalang malapyudal sa kanayunan?

**a.** Pinakasukdulang pang-aaliping sahuran sa mga manggagawang bukid at maralitang magsasaka.

**b.** Komersyanteng usura at pagsasamantala.

*Magharap ng mga kasong pinag-aralan hinggil sa malapyudal na pagsasamantala mula sa lokalidad. Tukuyin kung sinu-sino ang kumakatawan sa pagsasamantalang malapyudal.*

**k.** Iba pang anyo ng malapyudal na pagsasamantala sa kanayunan:

- napakataas na paupa sa mga hayop, kasangkapan at makinaryang pansaka

**d**. Bagamat tampok na sa mga ito ang papel ng salapi at kalakalan, malapyudal ang mga ito dahil nagmumula at sumusuhay sa pyudal na monopolyo sa lupa at pyudal na pagsasamantala at pagpapahirap sa masang magsasaka at manggagawang bukid.

*Sumangguni sa* ***Apendiks EP-2 "Pyudal at malapyudal na anyo ng pagsasamantala."***

## E. Rebolusyong Agraryo at Sosyalistang Transpormasyon ng Kanayunan

***Nota:*** *Maaaring isahang talakayin ang* **Tanong 1** *at* **2***; iugnay ang pagtalakay sa sinundang paksa.*

### 1. Ano ang rebolusyong agraryo?

**a.** Ang rebolusyong agraryo ay ang pakikibaka ng mga magsasaka at manggagawang bukid para ibagsak ang pyudal na kapangyarihan ng uring PML sa kanayunan.

*Gamitin ang* ***Biswal EP-9*** *at* ***Biswal EP-10*** *sa pagpapakita ng minimum at maksimum na layunin ng rebolusyong agraryo. Magbigay ng lokal na mga halimbawa kung paano inilulunsad ang rebolusyong agraryo.*




EP 9 - MINIMUM NA PROGRAMA SA REPORMA SA LUPA




EP 10 - MAKSIMUM NA PROGRAMA SA REPORMA SA LUPA

**b.** Ang pinakamataas na layunin ng rebolusyong agraryo ay ang pagkumpiska sa lupa ng uring PML, pagnanasyunalisa at ang libre at pantay-pantay na pamamahagi nito sa mga magsasakang wala o kulang ang lupa. Kukumpiskahin at inanasyunalisa rin ang mga kapital at ari-ariang lupa ng mga dayuhang monopolyong kapitalista, burukrata kapitalista at malaking burgesya komprador.

**k.** Ipinatutupad ang rebolusyong agraryo nang hakbang-hakbang, ayon sa kakayahan at lakas ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka at ng armadong pakikibaka.

*Ilinaw na integrado ang rebolusyong agraryo sa armadong pakikibaka at pagtatayo ng baseng masa; sa saliga'y iligal ang rebolusyong agraryo ngunit gumagamit din ng ibang porma sa pagsusulong nito.*

*Ilinaw na sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan ipatutupad ang maksimum na programa ng rebolusyong agraryo.*

*Sumangguni sa* **Apendiks EP-3**, *Mga Dokumento ng Pambansang Kumperensya sa Gawaing Masa sa Kanayunan (Pebrero 2002) hinggil sa nasyunalisasyon ng lupa.*

## 1. Bakit sa kalaunan ay kailangan ang sosyalistang transpormasyon ng agrikultura?

**Nota:** *Iugnay sa talakayan sa itaas, na hindi sapat ang libreng pamamahagi na lupa at hiwa-hiwalay at maliitang produksyon.*

**a.** Ang sosyalistang transpormasyon ng agrikultura ang ganap na magpapalaya sa masang magsasaka at manggagawang bukid mula sa paghihikahos, atrasadong kalagayan at pagsasamantala.

**b.** Ang sosyalistang transpormasyon ng agrikultura ay ang kolektibisasyon ng pag-aari ng lupa at kagamitang pansaka upang sama-samang gagawa, magpapaunlad sa produksyon at makikinabang ang mga magsasaka at manggagawang bukid.

**k.** Ipapatupad ang sosyalistang transpormasyon sa pamamagitan ng panghihikayat sa maliliit na magsasaka. Gagawin ang kolektibisasyon ng agrikultura batay sa boluntaryong paglahok ng masang magsasaka at manggagawang bukid at sa paraang hakbang-hakbang mula sa simpleng kooperasyon.

*Gamitin ang* **Biswal EP-10.** *Ilarawan kung paano maaaring bumalik ang pyudalismo o titindi ang pagsasamantala ng mayamang magsasaka kung walang sosyalistang transpormasyon ng agrikultura.*

*Ilinaw na ang rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa ng PKP ay pagtugon sa burges-demokratikong kahilingan sa lupa ng masang magsasaka. Gayunman, taglay na ng rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa ang mga sosyalistang salik na hakbang-hakbang na palalakasin hanggang makamit ang sosyalistang transpormasyon ng agrikultura sa sandaling ilunsad ang sosyalistang rebolusyon.*


## PAGSASARA NG TALAKAYAN

1. *Balikan ang balangkas ng paksa at ang mga pangunahing puntong nailinaw.*
2. *Linawing muli ang mga layunin ng pag-aaral. Idiin ang kahalagahan ng pag-aaral sa Ekonomyang Pampulitika.*
3. *Magsagawa ng pagtataya kung nakamit ang mga layunin ng pag-aaral.*
4. *Awitin ang* **"Busabos ng Puhunan."**

TABLE **EP** 1

## **SAHOD** AT **ARAWANG GASTOS**

| | **Arawang Gastos** [a] (pesos) | **Minimum na Sahod** [b] (pesos) |
|---|---|---|
| Pilipinas | 434.67 | 209.24 |
| NCR | 530.01 | 280.00 [c] |
| Labas ng NCR | 416.25 | 168.47 |




*Pinagkunan: NSO, DOLE, NSCB*
*a – as of April 2002*
*b – batay sa mga wage order ng 2000*
*c – kasama ang P30 emergency cost of living allowance*


CASE STUDY **EP** 1

## TINDI NG **KAPITALISTANG PAGSASAMANTALA**

SA **NESTLE PHILIPPINES, INC**. (1989)



| | | |
|---|---|---|
| A. | **Kabuuang Kita** o *Net Sales* | P 7.516 B |
| B. | **Constant Capital** (*makina, hilaw na materyales, pabrika, iba pa*) | P 6.659 B |
| C. | **Dagdag na Halaga** (A-B) | 857 M |
| D. | **Sahod at Benepisyo** | 10 M |
| E. | **Sobrang Halaga** (C – D) | 847 M |
| F. | **Tindi ng Pagsasamantala** (E/D x 100) | 8,470% (Sa bawat piso na napunta sa manggagawa, P84.70 naman ang kinuha ng kapitalista) |
| G. | **% napunta sa kapitalista** (E/C x 100) | 98.83% |
| H. | **% napunta sa manggagawa** (D/C x 100) | 1.17% |
| I. | **Oras paggawa na walang bayad** | 7 oras, 55 minuto (7.92) |
| J. | **Oras paggawa na binayaran** | 5 minuto (0.08) |


PAGHAHABOL SA TUBO
KUMPETISYON
AKUMULASYON
JOBS BREAD SHELTER
KRISIS NG LABIS NA PRODUKSYON

CASE STUDY **EP** 2

# TINDI NG **KAPITALISTANG PAGSASAMANTALA**

## SA **DOLE PHILIPPINES** (2002)

***Datos***


a) 530,000 toneladang pinoproseso bawat taon o 530 milyong kilo
b) 52 kahon bawat tonelada = 27,560,000 kahon
k) Gastos sa produksyon bawat kahon (ayon sa maneydsment) = US$5.5 (o PhP297)
d) PhP 400/araw (sahod at benepisyo bawat manggagawa)
e) Kabuuang bilang ng manggagawa = 6,000 (regular at kontraktwal)
g) presyo ng delatang pinya sa Canada = US$3/200 gms, o US$15/kilo, o PhP810/kilo
h) 97 prutas bawat minuto
i) 125 kahon bawat *man-hour* sa produksyon

| | | |
|---|---|---|
| Kabuang Halaga (KH) | 530M kilos x P810 | 429,300,000,000.00 |
| Kabuuang Gastos labas sa *shipping*<br>HP1+HP2+HP3 (labas sa *shipping*) | 27,560,000 x P297 | 8,185,320,000.00 |
| Sahod (HP3) | *P400/day x 6,000 manggagawa x 312 araw*<br>*+ P4,000 bonus x 6,000 manggagawa* | 772,800,000.00<br>*748,800,000.00*<br>*24,000,000.00* |
| HP1+HP2 (labas sa *shipping*) | | 7,412,520,000.00 |
| Tantyang gastos sa *shipping* | | 29,650,080,000.00 |
| HP1+HP2+HP3 (kasama ang *shipping*) | | 37,835,400,000.00 |
| Dagdag na Halaga o DH=KH-(HP1+HP2)<br>Labis na Halaga o LH=DH-HP3 | | 421,887,480,000.00<br>421,114,680,000.00 |
| **Tantos ng Pagsasamantala**<br>**LH/HP3 x 100** | | **54492%** |
| **% sa manggagawa (HP3/DH)** | | **0.18%**<br>**o 0.88 minuto o 53 segundo** |
| **% sa Kap (LH/DH)** | | **99.8%**<br>**or 479.12 minuto** |

1. Ang labis na halaga ay pinaghahatian ng lahat ng kapitalista (DOLE, may-ari ng bangko, kapitalista sa komersyo, buwis sa estado, at iba pang kapitalista)
2. Sa HP3 sa itaas, hindi kasama ang lahat ng manggagawa sa buong proseso ng produksyon gaya ng nasa *transport* at *storage*.

| | | |
|---|---|---|
| May-ari ng lupa | Mr. Rodriguez, isang panginoong may lupa | |
| Laki ng lupang pinapasaka sa isang kasama | 5 ektarya | |
| Hatian (tersyo; sa tenante ang lahat ng gastos) | | |
| May-ari ng lupa | 2/3 | |
| Tenante | 1/3 | |
| Abereyds na Ani | 7,000 niyog | |
| kopra | 1,700 kilos | |
| Presyo ng kopra | P 10.00 /kilo | |
| Gastos sa produksyon | | |
| Akyat/Ipon/bunot | P 300.00 bawat libo | |
| Pagtitingkal | P 50.00 bawat libo | |
| Pagluluto | P 80.00 bawat libo | |
| Pamasahe | P 200.00 | |
| Kabuuang benta sa kopra: | | |
| 1700 kilos x P 10.00/kilo | P 17,000.00 | |
| less 15% resikada | P 2,550.00 | |
| Netong benta sa kopra | P 14,450.00 | |
| Aktwal % Hatian: | | |
| Napunta sa PML | 2/3 x P 14,450.00 | P 9,632.00 (56%) |
| Napunta sa Kasama | 1/3 x P 14,450.00 | P 4,816.00 (28%) |
| Napunta sa Trader (resikada) | P2,550.00 | P 2,550.00 (15%) |
| Gasto ng Kasama: | | |
| Akyat, ipon, bunot | P 300/libo x 7,000 | P 2,100.00 |
| Paglugit | P 50.00/libo x 7,000 | P 350.00 |
| Pagluto | P 80.00/libo x 7,000 | P 560.00 |
| Transportasyon | P200.00 | |
| KABUUANG GASTOS NG KASAMA | P 3,210.00 | |
| NETONG KITA NG KASAMA | **P 1,606.00** | |
| **Kita ng kasama/araw** | **P 17.85 (**P1,607/90 araw) | |





APENDIKS **EP**-1

## LUMALAKAS, LUMALAWAK ANG REBOLUSYONARYONG UNYONISMO

*ANG BAYAN (OKTUBRE 7, 2003)*

KASABAY NG INABOT NA MAHUSAY na pagsisinsin ng rebolusyonaryong pag-oorganisa ng mga manggagawa hanggang sa pagtatayo ng mga rebolusyonaryong unyon at sangay sa Partido sa mga pabrika, pinag-iibayo rin ng mga kasama ang pag-oorganisa sa napakarami pang mga manggagawang hindi napapabilang sa isang unyon, gayundin ang mga unyong napapailalim sa mga dilawang pederasyon at liderato.

Sa loob ng tatlong-taong programang binalangkas ng kumperensya, lumaki nang 300% ang bilang ng mga myembro ng Partido at aktibista sa mga unyon. Mula 1998 hanggang katapusan ng 2002, lumaki rin nang 70% ang bilang ng mga unyon na nasasaklaw ng kagawaran. Nagpapatuloy ang mabilis na tantos ng pag-unlad hanggang sa kasalukuyan. Sa ngayon, 60% ng mga nasasaklaw na unyon ay mga rebolusyonaryong unyon o kaya'y nasa iba't ibang antas ng pag-unlad tungo sa pagiging rebolusyonaryong unyon. Sa isang rebolusyonaryong unyon, signipikanteng bilang ng mga kasapi ay mga myembro ng Partido. Nakapaglulunsad na ito ng mga lokal na pakikibakang nakatuon sa pagpapataas sa antas ng kabuhayan at paggigiit sa mga demokratikong karapatan ng kasapian nito. Aktibo ang mga nabanggit na unyong ito sa pakikibaka sa anti-manggagawa, anti-unyon at anti-welgang opensiba ng estado. Aktibo rin silang lumalahok sa mga pagkilos laban sa tumitinding pasismo at interbensyong militar ng US at mulat sa kanilang papel sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

### Pagbubuo ng Partido

Sa ngayon, hindi tinatakdaan ng maksimum ang maaaring maging bilang ng mga kasapi ng sangay ng Partido. Bagamat may ilang maliliit na sangay na kinabibilangan ng kulang sa 15 kasapi, karaniwan na ang mga sangay na mahigit 30 ang myembro. Sa isa sa pinakamauunlad na pabrikang saklaw ng kagawaran, mahigit 60% ng mga manggagawa ay kasapi ng sangay ng Partido. Sa karanasan nitong nakaraang limang taon, mabilis na nabubuo ang Partido at rebolusyonaryong kilusang lihim. Naging susi rito ang mahigpit na pagtalima sa mga resolusyon hinggil sa solidong pag-oorganisa sa mga pabrika. Isang halimbawa ang isang pabrikang nakapag- organisa ng sangay at kilusang lihim ng mga aktibista sa loob lamang ng tatlong buwan mula nang maugnayan ang unang kontak na manggagawa. Pagkaraan ng ilan pang buwan, lumaki pa nang mahigit anim na beses ang bilang mga kasapi ng Partido.

### Pinanday ng karanasan

Ibayong bumilis ang pag-oorganisa sa pabrika nang mapanday ang manggagawa sa matinding pakikibaka para ipagtanggol ang kanilang karapatang mag-unyon.

Ilang beses nang nagtatangkang magtayo ng unyon ang mga manggagawa subalit hindi sila nagtagumpay dahil mga dilawang pederasyon ang kanilang naugnayan. Nagtagumpay na lamang silang itayo ang isang tunay, palaban at makabayang unyon nang maugnayan sila ng isang militanteng pederasyon. Subalit naging mabilis din ang reaksyon ng kapitalista. Nang mapansin nito ang mga panimulang hakbang ng mga manggagawa na magbuo ng unyon, tinangka ng kapitalista na ilabas ang lahat ng makina at ituloy ang operasyon sa ibang lugar. Hindi ito pinayagan mga manggagawa. Binarikadahan nila ang mga pasukan at labasan ng pabrika hanggang wala nang magawa ang kapitalista kundi makipagnegosasyon sa kanila. Ngayon ay kinikilala na ng kapitalista ang unyon at nagaganap na ang negosasyon para sa *collective bargaining agreement.*

Mula nang idaos ang Ikalawang Pambansang Kumperensya ng Rebolusyonaryong Kilusang Manggagawa noong Setyembre 1998, tuluy-tuloy na nagtagumpay ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa laluna sa pagbubuo at konsolidasyon ng Partido sa kanilang hanay. Ayon sa mga kasama sa ilalim ng Pambansang Kagawaran sa Organisasyon, ito ay kongkretong resulta ng wastong mga patakaran at tungkulin na tinukoy noong 1998.



APENDIKS **EP** 2

# ILANG KARAGDAGANG USAPIN SA PAGKILALA SA IBA'T IBANG ANYO NG PYUDAL AT MALAPYUDAL NA PAGSASAMANTALA AT PAGSUSURI SA URI SA KANAYUNAN

PAMBANSANG KUMPERENSYA SA GAWAING MASA, PEBRERO 2002

SA PAGSUSURI SA MGA URI sa kanayunan, esensyal ang wastong kaalaman sa mga anyo ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal. Esensyal ito upang wastong matukoy kung sino ang nagsasamantala at pinagsasamantalahan laluna sa mas kumplikadong malapyudal na mga kaparaanan ng pagsasaka.

a. **Ang direktang nagbabayad ng upa sa lupa ay di awtomatikong maralitang magsasaka o mababang panggitnang magsasaka**, bagamat sa karaniwan, ang mga kasamang nagbabayad ng upa sa lupa ay maralita at mababang panggitnang magsasaka. May mga kasamang panggitnang magsasaka, mataas na panggitnang magsasaka o mayamang magsasaka. Sa mga huling kasong nabanggit, maaari silang makilala sa pamamagitan ng sumusunod: ang laki ng sukat ng lupang kinakasamahan o inuupahan ay mas malaki kaysa sa karaniwang sukat ng sakahan, may sariling pondong kapital na nagagamit para sa pag-upa ng manggagawang bukid, pagbili ng mga inputs, at gumagamit ng modernong kagamitan. Mapag-iiba-iba na lamang sila sa laki ng bahagi ng kanilang kita mula sa sariling paggawa at bahagi mula sa pagsasamantala sa iba.

   Mayroon ding umuupa ng lupa na mga negosyante. Direkta silang nakikipagkontrata sa mga panginoong maylupa at pinapataniman ang lupang inupahan na maaaring direktang ipangasiwa sa dating kasama sa lupa, kumuha ng enkargado kung wala, o tuwirang pamahalaan ang pagpapatanim sa lupa na pangunahing ginagamit ang sahurang paggawa ng mga manggagawang bukid. Napalalaki ng mga negosyanteng ito ang kanilang kita sa pagpapatanim ng produktong pambenta dahil nagpapatupad din sila ng iba't ibang anyo ng malapyudal na pagsasamantala sa magsasaka at manggagawang bukid.

   Sa mga kasong ang upa sa lupa ay ibinabayad ng panggitna at mayamang magsasaka o di kaya ay mga negosyante, ang upa sa lupa ay nililikha ng mga manggagawang bukid.

b. **Sa batayan ng simpleng pag-aari ng lupa, may karapatang tumanggap ng upa sa lupa ang isang may-ari ng lupa**. Ibig sabihin, kahit hindi panginoong maylupa, ang nag-aari ng sariling lupa ay maaari o aktwal na tumatanggap ng upa sa lupa dahil sa pribadong pag-aari ng lupa. Ngunit hindi lahat ng may-aring nagbubungkal ng lupa ay nakakakuha ng upa sa lupa sa kanyang sariling lupa. Sa mga maliliit na may-ari ng lupa, karaniwang hindi nagkakaroon ng realidad ang upa sa lupa sa kanilang sariling lupa dahil ang surplas na produkto at maaaring pati bahagi ng kinakailangang produkto ay hinuhuthot ng mga usurero at mga komersyante.

k. **Maaaring mapagkamalang sahod ang tinatanggap ng manggagawang bukid sa anihan sa palayan sa kasunduang partihan, halimbawa 5:1** (sa bawat anim na parte 5 ang sa panginoong maylupa at 1 sa manggagawang bukid. Sa katunayan ito ay hati sa ani at hindi tunay na sahod. Ang kapitalistang sahod ay mula sa pondong salapi (puhunan) ng kapitalista at ibinabayad sa mga inuupahang trabahador kahit bago mayari o maibenta ang produkto.

d. **Maraming anyo ng usura sa kanayunan**. Madaling makita ang mga anyo nito sa direktang utang at itinatakdang mataas na interes ng kabayaran sa utang ng mga usurero. Pwedeng produkto o pera ang bayaran. Mayroon

ding komersyanteng pang-uusura. Pinakalaganap na anyo nito ang pagpapautang ng mga produktong kailangan ng magsasaka, tulad ng pang-ulam atbp na ang bayaran ay sa anihan at may patong na mataas na interes at/ o malaking patong sa presyo. Isa pang anyo ang pagpapautang ng mga pang-araw–araw na konsumo ng mga pinagtatrabaho at ang kabayaran ay ang kanilang produkto tulad ng yantok, isda atbp. Kinukwenta sa mataas na presyo ang ipinapautang na mga pangkonsumo habang binabarat nang husto ang mga produkto ng mga magsasaka. Isa pang anyo ang pagpapautang ng mga inputs sa pagsasaka ng mga pananim na pambenta—na bukod sa malaking patong sa preyo ng inputs ay kasabay pa ang pagkopo sa pagbili sa aning pananim at ang pagbarat dito. Ibinibilang sa uring panginoong maylupa ang mga komersyanteng usurero na pangunahing nabubuhay sa pamamagitan ng komersyanteng pang-uusura at ang antas ng kabuhayan ay mas nakaluluwag sa gitnang panggitnang magsasaka.

e. **Ang sistemang pasuplay**. Tinatawag ding pangangapital sa pagsasaka. Malalaking traders o di kaya ay malalaking kumpanya ang nangongontrata sa mga magsasaka pangunahin sa pamamagitan ng mga galamay nila sa baryo. Sa sistemang ito, ang magsasaka na nakikisama ay nagbabayad ng upa sa lupa sa panginoong maylupa, ngunit ang binhi, inputs at panggastos sa produksyon ay nanggagaling sa kakontratang trader o kumpanya sa pamamagitan ng mga galamay nila sa baryo sa kundisyong sa kanila lamang maaaring ibenta ang produkto ng magsasaka. Maaari ding sariling lupa ng magsasaka ang ipinapasok sa kontrata sa mga traders o kompanya. Walang saligang binabago sa sistema ng produksyon ang trader na nangangapital. Napagsasamantalahan niya ang mga magsasaka at manggagawang bukid sa pamamagitan ng mapang-usurang interes sa pautang at monopolyong pagpepresyo sa produkto ng mga magsasaka. Ang malalaking traders at malalaking kumpanya ay kabilang sa uring malaking burgesyang komprador na nagpapatupad din ng pagsasamantalang malapyudal sa mga magsasaka. Ang mga galamay nila sa baryo na galing sa usura ang kalakhan ng kita at mas nakakaluwag ang kabuhayan kaysa sa gitnang panggitnang magsasaka ay maaaring ibilang sa uring panginoong maylupa.

g. **Ang sistemang aryenda o aryendo**. Sa malapyudal na sistemang ito, ang nag-aaryenda ay direktang nakikipag-usap sa panginoong maylupa at siyang nagbabayad sa upa sa lupa sa panginoong maylupa. Ang kasama sa lupang inaryenda ay maaaring manatili at tumayong pangunahing tagapangasiwa sa lupang inaryenda. Maaari ding direktang pamahalaan ng arendero ang lupa at pangunahing umasa siya sa pag-upa sa mga manggagawang bukid para mabungkal ang lupang inuupahan. Ang arendero ay karaniwang nagpapatupad din ng iba pang anyo ng pagsasamantalang usura at komersyante. Lalong kapakipakinabang ang pag-aaryenda sa mga lugar na malaki na ang ibinaba ng upa sa lupa dahil sa rebolusyonaryong kilusan. Halimbawa sa Gitnang Luzon, mula sa dating 12-24 cavan na upa sa lupa bawat ektarya bawat anihan ay naging 5-7 cavan na lamang bawat ektarya bawat anihan. Mapag-iiba-iba rin ang uri ng mga arendero depende sa laki ng kanilang lupang inaaryenda at bahagi ng kanilang kabuuang kita mula sa pag-aaryenda.

h. **Ang sistemang administrasyon**. Ito ay kapitalistang sistema ng pagsasaka. Sa sistemang ito,umaasa sa trabaho ng manggagawang bukid sa buong proseso ng produksyon. May regular na manggagawang bukid at may mga panahunang manggagawang bukid. Ang nangangapital na panginoong maylupa o kapitalistang umuupa ng lupa ay mayroong kasugpong na siyang nangangasiwa sa pagtatrabaho at tumatanggap ng regular na buwanang sweldo. Mekanisado ang paghahanda sa lupa at paggigiik, may patubig at gumagamit ng HYV's, abono at pestisidyo. May inuupahan ding teknisyan upang subaybayan ang paglaki ng produkto. Malalaki ang sukat ng sakahang administrasyon.

i. **Ang sistemang barok**. Minamantine ng isang panginoong maylupa ang kanyang sakahan sa pamamagitan ng pag-upa sa isang alila o isang pamilya na sinasahuran ng buwanan. Kalakhan ng trabaho sa bukid ay inuupa sa mga manggagawang bukid. Ang barok ang utusan ng panginoong maylupa para sa ilang gawaing menor sa sakahan at utusan rin niya sa iba pang gawain sa kanilang bahay. Ang barok ay kabilang sa malaproletaryado na

tulad ng mga katulong o utusan na sinuswelduhan. Sa mga kasong ang barok ay gumaganap ng mayor na trabaho sa pagsasaka tulad ng pag-aararo ang barok ay maibibilang sa maralitang magsasaka na tumatanggap ng buwanang sweldo kapalit ng pagtatrabaho sa bukid.


l. **Ang pangisdaang inoopereyt sa pamamagitan ng kumbinasyon ng sistemang partehan at pag-upa ng mga manggagawa ay isang kaayusang malapyudal sa halip na ganap nang kapitalista.**

m. **Ang pagtitipon ng rekurso ng pamilya para sa panggastos sa produksyon.** Maraming mga kaso na ang isang pamilya ay may 1 o 2 anak na kumikita bilang manggagawa o maliit na propesyunal na naglalaan ng bahagi ng kanilang kita sa panggastos sa produksyon sa lupang kanilang sinasaka. Nagiging komon na pondo ito ng pamilya at kwentado sa mga pag-aaring kagamitan sa produksyon kapag nagsusuri ng mga uri. Gayunman, ang manggagawa o maliit na propesyunal na myembro ng pamilya ay inuuri batay sa pangunahing pinagkakakitaan nila.

n. Maitatakda na ang mga saligang panukat sa pagsasaray-saray sa mga magsasaka sa isang lugar o linya ng pananim batay sa mga piling kasong pinag-aralan. Halimbawa: sa tubuhan, sa niyugan, sa palaisdaan, sa mga kaingin, atbp. Ihanay na kung kakayanin ang mga saligang panukat sa mga erya at mga linya ng pananim.

# ANG **NASYUNALISASYON** NG **LUPA** AT **REBOLUSYONARYONG PROGRAMA** SA **REPORMA** SA **LUPA**

PAMBANSANG KUMPERENSYA SA GAWAING MASA, PEBRERO 2002



*"Inanasyunalisa o ilalagay sa sektor publiko ang mga pag-aaring kapital at lupa ng mga imperyalista at lokal na reaksyunaryong mga uri."*

Mula sa: "Ang Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong Bilang Gabay sa Rebolusyong Pilipino" ni Armando Liwanag, Kontribusyon sa Internasyunal na Seminar sa Kaisipang Mao Zedong 6-7 Nobyembre 1993

*"Kagyat, pagkatapos maagaw ang kapangyarihang pampulitika sa buong bansa ay inanasyunalisa ang kapital at mga ari-ariang lupa ng mga dayuhang monopolyong kapitalista, ng mga burukratang kapitalista, ng malalaking komprador at ng mga panginoong maylupa."*

Mula sa: Punto Blg 7 ng Programa ng Pambansa-Demokratikong Prente ng Pilipinas na pinagtibay sa Unang Pambansang Kumperensya, Hulyo 7, 1994

*"Pagkatapos ang pambansang tagumpay ng rebolusyon, posible nang maipatupad ang maksimum na programa sa reporma sa lupa, na kinapapalooban ng kumpiskasyon ng mga ari-arian ng mga panginoong maylupa at ang makatarungang distribusyon ng lupa sa mga walang lupang nagbubungkal nang walang anumang kabayaran."*

Mula sa Punto Blg. 6 ng Programa ng Pambansa-Demokratikong Prente ng Pilipinas na pinagtibay sa Unang Pambansang Kumperensya, Hulyo 7, 1994

MULA SA MGA NASA ITAAS na pagpapahayag ng ating patakaran at programa kaugnay ng problema sa lupa ng masang magsasaka ay mapapansin ang magkalakip na programa ng nasyunalisasyon, kumpiskasyon at distribusyon ng lupa na pawang ipatutupad pagkatapos makamit ang pambansang tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan.

Sa pamamagitan ng nasyunalisasyon ng lupang pag-aari o kontrolado ng mga dayuhang imperyalista, malaking burgesyang komprador at uring panginoong maylupa, kagyat na wawakasan ang monopolyo ng mga naghaharing uri sa lupa at ang kaakibat na pyudal at malapyudal na mga anyo ng pagsasamantala sa masang magsasaka at manggagawang bukid. Kaalinsabay na sinasarhan nito ang pinto para muling makapagmonopolyo sila ng lupa. Ito ay sa dahilang ang lupang kukumpiskahin ay magiging pag-aari ng estado — hindi na ito libreng bilhin at ipagbili.

Magkasalungat ba ang nasyunalisasyon at ang libreng pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka at manggagawang bukid na kulang o walang lupa? Hindi. Pagkatapos inasyunalisa ang lupa, kagyat ding ipatutupad ng demokratikong estadong bayan ang libreng pamamahagi ng lupa. Ito ay pagtugon sa demokratikong adhikain ng masang magsasaka na magkaroon ng sariling lupang mabubungkal nang walang anumang inaalalang pananagutan sa mga panginoong maylupa. Sa pamamagitan ng makatarungang libreng pamamahagi ng lupa, ay ma-eengganyo ang entusyasmo ng masang magsasaka para pataasin ang produksyon. Ang produktong kanilang maaani sa lupang binubungkal ay matatamasa na nila nang walang anumang kabawasang upa sa lupa, interes sa usura, at iba pang mga katulad na pagpapataw ng mga panginoong maylupa.

Gayunman, ang lupang ipamamahagi nang libre sa masang magsasaka ay pamamahagi na nakabatay sa kanilang karapatang magbungkal ng sariling lupa at di pamamahagi ng karapatang malayang magbenta o bumili ng lupang ipinamahagi. Ang probisyong ito ay isang pananggalang sa rekonsentrasyon ng lupa at panunumbalik ng monopolyo sa lupa ng iilan.

Subalit upang lubusang masagkaan ang panunumbalik ng monopolyo sa lupa, dapat kagyat na hikayatin at isagawa nang hakbang-hakbang ang kooperatibisasyon at kamtin ang transpormasyon ng pag-aari ng mga kagamitan sa produksyon mula sa indibidwal na pag-aari tungo sa sosyalistang pag-aari ng estado. Dapat alalahanin na kahit maipamahagi na ang lupa ay umiiral pa rin ang di pagkakapantay-pantay sa katayuan ng mga magsasaka, at nananatili sa kalakhan ang atrasadong paraan ng pagsasaka sa anyo ng maliitang pagsasaka.

Ang rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa ng Partido Komunista ng Pilipinas ay pagtugon sa burges-demokratikong kahilingan sa lupa ng masang magsasaka. Gayunman, taglay na ng rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa ang mga sosyalistang salik na hakbang-hakbang na palalakasin hanggang makamit ang sosyalistang transpormasyon ng agrikultura sa sandaling ilunsad ang sosyalistang rebolusyon.

Kabilang sa mga sosyalistang salik ang pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas sa mga samahang magsasaka at sa mga rebolusyonaryong organo ng kapangyarihang pampulitika na itinatayo sa kanayunan, ang matibay na bag-as ng maralita at mababang panggitnang magsasaka, ang mga manggagawang bukid sa mga plantasyon at sakahang pinatatakbo sa kapitalistang batayan, ang pagpapairal ng mga samahang magsasaka at maging ng iba pang samahang masa bilang mga kooperatiba at ang pagtataguyod sa sosyalistang perspektiba.

Ang nasyunalisasyon, kumpiskasyon at libreng pamamahagi ng lupa sa mga magsasakang wala o kulang ang lupa na pawang ipatutupad pagkatapos makamit ang pambansang tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan ay gagawin na sa balangkas ng sosyalistang rebolusyon. Magiging mga transitoryong hakbang na ang mga ito sa loob ng sosyalistang rebolusyon at aalinsunod na sa mga patakaran at programa ng pagsusulong ng sosyalistang rebolusyon.

Ang reporma sa lupa bilang transitoryong hakbang sa panahon ng sosyalistang rebolusyon ay lubos nang nakapailalim sa sosyalistang patakaran. Ang mga karapatang burges ay kagyat na inililimita, kabilang ang pagbabawal sa mga pribadong monopolyo at ang paghadlang sa kapitalismo upang hindi maging dominante sa lipunan. Ang mga produktibong pag-aari ng mga panggitna at maliit na produktor ay ipinaiilalim sa sosyalistang transpormasyon pagsapit ng karampatang panahon.

Makakahalaw na tayo ng leksyon sa karanasan ng Tsina kung saan binaka nina Mao ang kanang oportunistang linya ng mayamang magsasaka at ang pagtahak sa landas ng kapitalismo sa halip na sosyalismo na itinaguyod ni Liu Shao Qui at kanyang mga kapanalig mula 1949-1953. Mahahalagang leksyon dito ang sumusunod:

1. Ang linya ng konsolidasyon o pagpapatatag ng demokratikong kaayusan o pambansa-demokratikong lipunan ay linya ng pagsusulong ng kapitalismo at hindi sosyalismo.
2. Walang patlang ang demokratikong rebolusyong bayan at ang sosyalistang rebolusyon.
3. Dapat hadlangan ang kapitalismo na makapangibabaw sa lipunan, sa halip ito ay nililimitahan hanggang sa makamit ang sosyalistang transpormasyon ng lipunan.
4. Ang linya na "sustinehin ang pribadong pag-aari," "apat na kalayaan" at mekanisasyon bago ang kolektibisasyon ni Liu Shao Qui ay salungat sa linya ng sosyalistang rebolusyon at sosyalistang transpormasyon sa agrikultura.
5. Ang sosyalistang transpormasyon sa agrikultura ay paglutas sa saligan ng indibidwal na pag-aari tungo sa sosyalistang pag-aari ng estado; ng maliitang produksyon tungo sa malakihang kolektibong produksyon.
6. Maisasagawa ang sosyalistang transpormasyon ng agrikultura sa pamamagitan ng edukasyon, determinadong pagpukaw sa entusyasmo para sa sosyalismo ng masang magsasaka at hakbang-hakbang na pagpapatupad ng kolektibisasyon sa agrikultura.

# IMPERYALISMO



## LAYUNIN

1. Mailinaw ang limang saligang katangian ng imperyalismo, kung paano ito naghahari at nagpapahirap sa mamamayan ng daigdig at kung paano ibabagsak ang paghahari nito sa pamamagitan ng proletaryong rebolusyon.

2. Masandatahan ang mga mag-aaral ng pag-unawa sa imperyalismo na esensyal sa pag-unawa sa kasaysayan at kasalukuyang kalagayan ng lipunan at rebolusyong Pilipino.

# PAGBUBUKAS NG TALAKAYAN

1. *Iugnay ang pagtalakay sa Imperyalismo sa unang tatlong paksa. Sa partikular, karugtong ito ng pag-aaral sa Ekonomyang Pampulitika sa kasalukuyang antas ng sistemang kapitalista – ang pinakamataas at huling yugto ng sistemang kapitalista. Ilinaw na ang pinag-uusapan dito ay sa saklaw ng buong daigdig.*

2. *Idiin ang kahalagahan ng pag-aaral at palamnan ang layunin mula sa partikular na kalagayan at pangangailangan ng mga mag-aaral.*

3. *Ilinaw ang kakaibang diin ng pag-aaral dito kaysa kursong masa. Samantalang ang pagtalakay sa paksang ito sa* **Lipunan at Rebolusyong Pilipino** *at pangmasang kurso ay nakatutok sa paglilinaw sa operasyon ng imperyalismo sa Pilipinas, diin naman sa* **Batayang Kurso ng Partido** *ang paglilinaw sa imperyalismo bilang isang pandaigdigang sistema.*

4. *Ilinaw na ang limang katangian ng imperyalismo ay hindi dapat paghiwa-hiwalayin, umiiral ito nang sabay at bumubuo ng isang sistemang imperyalista.*


5. *Ilahad ang balangkas ng paksa:*

   **I. Ang mga Saligang Katangian ng Imperyalismo**

   **A. Konsentrasyon ng Produksyon at Monopolyo**
   **B. Oligarkiya sa Pinansya**
   **K. Eksport ng Kapital**
   **D. Pang-ekonomyang Dibisyon ng Daigdig**
   **E. Teritoryal na Dibisyon ng Daigdig**











   **II. Ang Pandaigdigang Rebolusyong Proletaryo sa Panahon ng Imperyalismo**

# KATAWAN NG TALAKAYAN

***Nota:*** *Maaaring ipalabas ang video ng "Ang Kaaway" bago talakayin ang mga saligang katangian ng Imperyalismo. Sikaping iugnay ito sa aktwal na talakayan ng paksa.*

## I. MGA SALIGANG KATANGIAN NG IMPERYALISMO

## A. Konsentrasyon ng produksyon at monopolyo

### 1. Paano naganap ang konsentrasyon ng produksyon at paglitaw ng mga monopolyo sa mga bayang kapitalista?

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN SA PAGTUTURO |
|---|---|
| **a.** Ang napakalaking pagsulong ng industriya at napakabilis na konsentrasyon ng produksyon sa empresang papalaki nang papalaki ay isa sa mga saligang katangian ng imperyalismo at nangahulugan ng pangingibabaw ng mga monopolyo sa produksyon at lipunan. | *Tuluy-tuloy na talakayin ang* ***Tanong 1 - 2.*** *Gamitin ang* ***Biswal EP- 5*** *at* ***Biswal Impe-1.*** |




IMPE 1 - KONSENTRASYON NG PRODUKSYON AT MONOPOLYO




EP 5 - KAPITALISTANG AKUMULASYON

| MAHAHALAGANG PUNTO | MUNGKAHING PARAAN SA PAGTUTURO |
|---|---|
| **b.** Sa panahon ng malayang kumpetisyon, ang tipikal na empresa ay ang "empresang puro," ibig sabihin ay empresang iisa ang produkto. Sa panahon ng imperyalismo, ang tipikal na empresa ay ang empresang kumbinasyon o haluan. | *Ilinaw ang paraan at proseso kung paano naganap ang konsentrasyon at monopolyo.* |
| **k.** Patuloy ang konsentrasyon at monopolyo maging sa kasalukuyang panahon sa pamamagitan ng mga "megamerger" o mga dambuhalang pagsasanib ng mga dambuhalang korporasyon. | *Gamitin ang* ***Apendiks Impe-1.*** |

### 2. Ano ang mga tampok na epekto ng pamamayani ng monopolyo sa industriya?

**a.** Mapagpasyang naiimpluwensyahan ng mga monopolyo ang iba't ibang bahagi ng produksyon at kalakalan dahil kinokontrol nila ang mga pinagkukunan ng hilaw na materyales, kabuuang takbo ng produksyon, presyo't pamilihan, pinakaabanteng teknolohiya at sanay na paggawa at pati ang hatian sa ganansya.

**b.** Dahil ang layunin ng monopolyong kapital ay maksimum na ganansya at hindi karaniwang tantos ng ganansya, ang saligang tuntunin nito ay dominasyon, pamimilit at dahas para protektahan at lalong palakasin ang dominasyon.

**k.** Napakalaking pagsulong sa sosyalisadong katangian ng produksyon pero nananatiling pribado ang pag-angkin sa mga produkto dahil nanatili ang pribadong pag-aari ng iilan sa mga kagamitan sa produksyon. Ang paghahari at pagpapasasa ng ilang monopolyong kapitalista ay lalong nagiging napakabigat, garapal at kasuklam-suklam.

**d**. Tumitingkad ang planadong katangian ng produksyon pero sa antas lang ng indibidwal na korporasyon, kaya sa halip na mapangibabawan ang anarkiya sa produksyon ay lalong umiigting ito.

**e.** Naririyan ang kumpetisyon sa pagitan ng mga monopolyo at mas maliit na kapital, at sa pagitan ng mga monopolyo mismo. Ang imperyalismo ay lalong nagpapatindi sa mga kontradiksyon ng kapitalismo. Ang mga krisis ng kapitalismo ay nagiging mas matindi at mapanira.

*Magbigay ng halimbawa ng malalaking kartel.*

*Gamitin ang* ***Apendiks Impe-2*** *para ipakita ang kumpetisyon sa pagitan ng mga monopolyo.*

## B. Kapital sa pinansya at oligarkiya sa pinansya

### 1. Ano ang kapital sa pinansya at oligarkiya sa pinansya?

**a.** Ang kapital sa pinansya ay ang salaping kapital na kontrolado ng mga monopolyong bangko at ginagamit sa industriya. Ito ang pagsasanib ng monopolyong kapital sa industriya at monopolyong kapital sa bangko, na pinamamayanihan ng huli.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang* ***Tanong 1****,* ***2*** *at* ***3****. Gamitin ang* ***Biswal Impe-2***

**b.** Ang oligarkiya sa pinansya ay ang maliit na bilang ng mga pinakamakapangyarihang kapitalista na kumokontrol sa kapital sa pinansya. Kinokontrol nila ang pinakamalalaking bangko at kompanya sa pinansya, gayundin ang pinakamalalaking korporasyon sa industriya.




IMPE 2 - KAPITAL SA PINANSYA
AT OLIGARKIYA SA PINANSYA

*Ilinaw ang proseso ng paglitaw at pamamayani ng kapital sa pinansya at oligarkiya sa pinansya.*

## 2. Ano ang mga epekto ng pangingibabaw ng kapital sa pinansya at oligarkiya sa pinansya?

**a**. Ibayong pinabilis at pinasidhi ng pangingibabaw ng mga dambuhalang bangko sa industriya ang konsentrasyon ng kapital sa kabuuan at ang pagbubuo ng mga monopolyo. Ang ilang bangkong ito ay nagsisilbing sentro ng distribusyon ng kapital at mga kagamitan sa produksyon ng buong lipunan, pangunahin para sa interes ng iilang monopolyong kapitalista sa pinansya at industriya.

**b.** Sa pamamayani ng kapital sa pinansya, lalo pang lumayo ang pagkakahiwalay ng dati nang magkahiwalay na pag-aari ng salaping kapital at ng pamumuhunan at pangangasiwa sa produksyon. Ang pagkakahiwalay na ito ay ibayo pang pinasidhi ng eksport ng kapital.

**k.** Sa pamamayani ng kapital sa pinansya, lalong lumalakas ang tendensya na mabulok ang sistemang kapitalista.

- Kapansin-pansin ang pagbagal ng paglaki ng ekonomya ng mga pinakamayamang bayan at ang malakas na tendensyang pigilin ang lubusang pag-unlad ng teknolohiya para pangalagaan ang superganansya ng mga produkto.

*Gamitin ang* ***Apendiks Impe-3*** *(Oligarkiya sa Pinansya).*

*Idiin na ang pangingibabaw ng kapital sa pinansya at oligarkiya sa pinansya ay ibayong nagpapatingkad ng parasitismo at kabulukan ng sistemang kapitalista.*

- Sukdulang ihinihiwalay sa produksyon ang malaking bilang ng manggagawa tungo sa serbisyo at segundaryong produksyon.
- Ibinabaling ang pamumuhunan at gamit sa lupa tungo sa luho at libangan ng malalaking burges.

## 3. Ano ang mahahalagang pagbabago sa estado sa mga imperyalistang bayan sa panahon ng monopolyong kapitalismo? Ano ang kapitalismong monopolyong estado?

**a.** Kasabay ng konsentrasyon ng kapangyarihan sa ekonomya ang konsentrasyon ng kapangyarihan sa pulitika. Humigpit nang humigpit ang kontrol ng mga monopolyong kapitalista hanggang nagbago ang estado mula sa pagiging kinatawan ng lahat ng kapital tungo sa pagiging kinatawan ng maliit na bilang ng monopolyong kapitalista.

**b**. Ang kapitalismong monopolyong estado ay ang pagsasanib ng napakalaking kapangyarihan ng monopolyong kapital sa napakalaking kapangyarihan ng estado sa iisang makinarya at ang pagpapailalim ng milyung-milyong tao sa organisasyon ng monopolyong kapitalismong estado.

**k.** Sa panahon ng imperyalismo, ang estado ay gumaganap ng mapagpasyang papel sa pangangalaga ng tuluy-tuloy na pagkulekta ng superganansya ng monopolyong kapital at paglikha ng kundisyon para patuloy na mapalaki ang monopolyong kapital. Ang mga ito ay ginagampanan ng estado kapwa sa loob at labas ng imperyalistang bayan.

**d**. Bahagi ng limpak-limpak na superganansyang tinatanggap ng oligarkiya sa pinansya ay ginagamit na pansuhol sa maliit na pribilehiyadong saray sa hanay ng mga manggagawa.

*Gamitin ang* **Biswal Impe-2a**




IMPE 2a - KAPITALISMONG MONOPOLYONG ESTADO

*Talakayin ang mga pagbabagong naganap sa estadong burges sa panahon ng imperyalismo.*

*Gamitin ang* **Apendiks Impe-4** *(Rehimeng Bush) bilang halimbawa ng kapitalismong monopolyong estado.*

## K. Eksport ng kapital

### 1. Bakit tumampok ang papel at kahalagahan ng eksport ng kapital sa monopolyong yugto ng kapitalismo?


**a.** Isang namumukod na katangian ng imperyalismo ang pagtampok ng papel at kahalagahan ng eksport ng kapital. Ang oligarkiya ay kumikita ng dambuhalang superganansya mula sa pamumuhunan at pagpapautang sa ibang bayan.

**b.** Ang eksport ng kapital ay resulta ng sobra-sobrang akumulasyon ng kapital sa mga imperyalistang bayan. Kasabay nito, mabilis ding kumitid ang larangan ng pamumuhunan sa loob ng sariling bayan. Ineeksport ng mga monopolyo ang kanilang sobrang kapital sa ibang bayan sa layunin na mapalaki at mapangalagaan ang kanilang ganansya at tantos ng ganansya. Sa pag-eeksport ng kapital, lalong napapalakas ng monopolyong kapital ang kanyang pusisyon sa sariling bayan at sa daigdig.

**k**. Naging posible ang pag-eksport ng kapital sa mga atrasadong bayan dahil sa pamamagitan ng kolonyalismo, nahigop ang mga ito sa pandaigdig na palitang kapitalista.

**d.** Ang eksport ng kapital ay nag-aanyo ng tuwirang pamumuhunan, pautang, ayuda, atbp.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang **Tanong 1, 2, 3** at **4.** Gamitin ang **Biswal Impe-3**. Talakayin ang kahalagahan sa imperyalismo ng pag-eeksport ng kapital at iugnay ito sa pamamayani ng oligarkiya sa pinansya.*




IMPE 3 - EKSPORT NG KAPITAL

### 2. Paano ginagamit ng monopolyong kapital ang tuwirang pamumuhunan sa ibang bayan para pumiga ng dambuhalang superganansya?

**a.** Sa tuwirang pamumuhunan, mas direktang nakokontrol ng mga imperyalistang kapangyarihan ang ekonomya ng mga atrasadong bayan.

**b.** Ang mga atrasadong bayan ay pangunahing umaasa sa tuwirang pamumuhunang dayuhan para sa panustos sa mga depisit sa balanse ng bayaran.

**k.** Hindi lamang sa mga atrasadong bayan namumuhunan ang mga monopolyong kapitalista kundi sa ibang bayang industriyalisado.

**d.** Isang anyo ng tuwirang pamumuhunan na lumaganap at lumaki sa nakaraang mahigit isang dekada ang portfolio investments. Ipinapasok ang pamumuhunang ito hindi sa industriya, kundi sa ispekulasyon sa pamilihan ng sosyo at bono ng gubyerno at sa real estate.

*Ibigay na halimbawa ang mga unang talata sa teksto upang maipakita ang laki ng tuwirang pamumuhunan at tubo ng mga imperyalista.*

*Pabulaanan na nakakatulong ang dayuhang pamumuhunan sa pag-unlad ng Pilipinas. Idiin na ang nakikinabang dito ay ang imperyalismo at ang lokal na mga naghaharing uri.*

## 3. Paano pinakikinabangan ng monopolyong kapital ang pagpapautang at ayuda sa mga atrasadong bayan?

**a.** Ang pagpapautang at mga ayuda bukod sa kumikita ng napakataas na interes, ay ginagamit para makapagdikta ng mga patakaran sa ekonomya, pumiga ng maksimum na kaluwagan para sa dayuhang negosyo at pamumuhunan, sumakmal ng malalaking kontrata ng gubyerno, magpalawak ng pamilihan para sa mga produktong imperyalista, at tumiyak na maiuuwi ang limpak-limpak na superganansyang nahuhuthot nila sa mga atrasadong bayan.

**b.** Ang "opisyal na ayuda" ay mahigpit na nakakawing sa tuwirang pamumuhunan at estratehikong interes ng imperyalistang bayan.


*Sumangguni sa* ***Apendiks Impe-5*** *hinggil sa pautang.*

*Ihalimbawa ang bilyong dolyar na inutang ng diktadurang Marcos para sa diumanong mga proyektong industriyal tulad ng Bataan Nuclear Power Plant, Cellophil, Chico Dam at iba pang proyektong salot na hindi pinakinabangan ng mamamayan, at hanggang ngayon ay binabayaran ng reaksyunaryong gubyerno mula sa buwis ng mamamayan.*


## 4. Paano pinagsasamantalahan ang mga bayang atrasado sa kalakalang kolonyal?

**a.** Bagamat mas tumampok at naging lubhang mahalaga ang eksport ng kapital sa panahon ng imperyalismo, nananatiling esensyal sa monopolyong kapital ang eksport ng kalakal at ang patuloy na pagpapalawak ng pamilihan para dito.

*Gamitin ang* ***Biswal EP-7a*** *at* ***Biswal Impe-3****. Magbigay ng mga halimbawa ng pagsasamantala ng imperyalismong US sa murang lakas-paggawa at hilaw na materyales; at pagtatambak ng labis na produkto (halimbawa sa agrikultura) makinaryang industriyal at teknolohiya sa ating bansa.*




EP 7a - MALAPYUDALISMO SA PILIPINAS




IMPE 3 - EKSPORT NG KAPITAL

**b.** Ang di pantay na palitan ng kalakal, kasabay ang tuwirang pamumuhunan at pagpapautang ng mga imperyalista, ang saligang mga dahilan ng pagkabansot ng mga atrasadong bayan.

*Itanong sa mag-aaral kung paborable ba sa Pilipinas ang pag-eksport ng hilaw na materyales at pag-import natin ng mga yaring produkto mula sa mga imperyalista.*

*Ipakita ang pagkakahati ng daigdig sa iilang bayang mayaman sa kapital at sa lubhang nakararaming bayan na salat sa kapital.*

## D. Pang-ekonomyang dibisyon ng daigdig

### 1. Paano naganap ang konsentrasyon ng kapital at produksyon sa antas ng buong daigdig?

**a**. Ang pangingibabaw ng mga monopolyo sa mga imperyalistang bayan, ang patuloy na pagtindi ng konsentrasyon ng kapital at produksyon sa kamay ng iilang malaking grupo sa pinansya't industriya at ang kasabay na paglimas ng kayamanan ng daigdig patungo sa iilang kapitalistang bayan – ang mga ito ay natural na nagbubunga ng konsentrasyon ng kapital at produksyon ng buong daigdig sa kamay ng iilang internasyunal na grupong monopolyo.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang* **Tanong 1** *at* **2**. *Gamitin ang* **Biswal Impe-4** *at* **Impe-5**. *Talakayin ang mga halimbawang nasa teksto kaugnay ng MNC. Sumangguni din sa* **Apendiks Impe-5**.


*Idiin ang ugnayan ng kapitalismong monopolyong estado sa mga MNC ng kanilang bayan.*




IMPE 4 -PANG-EKONOMYANG DIBISYON NG DAIGDIG

**b.** Ang mga korporasyong multinasyunal ay kumakatawan sa konsentrasyon ng kapital at produksyon sa buong daigdig na mas mataas pa ang antas kaysa mga kasunduang internasyunal.

**k.** Susi ang tungkulin ng kapitalismong monopolyong estado sa internasyunal na pagpapalawak ng mga MNC at pakikipagkumpitensya sa mga MNC ng ibang imperyalistang bayan.




IMP 5 - SUPERMONOPOLYO O MONOPOLYONG KUMBINASYON SA DAIGDIG

## 2. Ano ang mga epekto ng internasyunal na konsentrasyon ng kapital at produksyon sa pag-unlad at relasyon ng mga bayan?

**a.** Dahil sa kanilang monopolyo at kapangyarihan, ang mga desisyon at aktibidad ng mga korporasyong multinasyunal ay mapagpasyang nakakaapekto sa galaw ng kapital, teknolohiya, produksyon at kalakal sa buong daigdig na nagbubunga ng:

- Di pantay na pag-unlad ng mga bayang industriyalisado at atrasado;
- Di pantay na pag-unlad ng mga imperyalistang bayan;
- Sabwatan at tunggalian ng mga monopolyong internasyunal.

*Ihalimbawa ang US at Pilipinas sa di pantay na pag-unlad ng mga bayang industriyalisado at atrasado.*

*Ihalimbawa ang mga organisasyong nabuo sa mga imperyalistang bayan tulad ng European Union, North American Free Trade Agreement (NAFTA), Asian Free Trade Agreement (AFTA), at Asia Pacific Economic Co-operation (APEC) para mangibabaw sa di pantay na pag-unlad at kompetisyon.*

*Ipabasa sa mga mag-aaral at ipaliwanag ang siniping pangungusap ni Lenin mula sa teksto:* ***"Hinahati ng mga kapitalista ang mundo, hindi bunga ng anumang malisya, kundi udyok ng naabot nang antas ng konsen-trasyon na nagpupwersa sa kanilang bumaling sa pamamaraang ito para makapagtamasa ng ganansya."***

## E. Teritoryal na Dibisyon ng Mundo

### 1. Paano nakumpleto sa panahon ng imperyalismo ang teritoryal na dibisyon ng mundo?

**a.** Kaalinsabay at kaugnay ng sentralisasyon ng kapital at produksyon batay sa pang-ekonomyang paghahati-hati ng daigdig, lumitaw din ang mga relasyon ng mga bayan batay sa teritoryal na dibisyon ng daigdig, tunggalian para sa mga saklaw ng impluwensya at tunggalian para sa mga kolonya at malakolonya.

**b.** Bukod sa kontrol sa ekonomya, gumagamit ng sari-saring paraan ang mga imperyalista para dominahin at kontrolin ang pulitika, militar, kultura at relasyong panlabas ng mga bayang malakolonyal at dependyente.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang* **Tanong 1** *at* **2**. *Gamitin ang* **Biswal Impe-6a.** *Magbigay ng mga halimbawa sa pagkakahati ng daigdig sa mga kolonya at malakolonya ng mga imperyalistang bansa. Gumamit ng mapa ng daigdig o globe.*



IMPE 6a - TERITORYAL NA DIBISYON NG MUNDO

### 2. Bakit natin sinasabi na ang imperyalismo ay nangangahulugan ng digmaan at ng paghahandang makidigma?

**a.** Ang panteritoryo at pang-ekonomyang paghati-hati sa mundo ayon sa lakas sa ekonomya at pulitika ng mga imperyalistang bayan ay ganap na at pwede lamang makapagpalawak ang isa sa pamamagitan ng pagtataboy at paggapi sa ibang kapangyarihan.

**b.** Ang paghahandang makidigma ay idinidikta ng pangangailangang laging maghanda ang estado sa pagtatanggol ng paghahari ng monopolyong kapital laban sa mga katunggaling imperyalistang bayan, sa mga rebolusyonaryong kilusan sa mga malakolonya, at sa rebolusyonaryong pakikibaka ng sariling proletaryado nila.

**k.** Malaking pinagkakakitaan ng mga imperyalista ang industriya ng digma at paghahandang makidigma.

*Gamitin ang* **Biswal Impe-6b.** *Bukod sa dalawang digmaang pandaigdig, ihalimbawa rin ang mga proxy war, digmang panghihimasok at pananakop na itinaguyod ng mga imperyalista.*

*Ipakita rin ang napakaraming kaso ng pakikidigma ng imperyalista para durugin ang paglaban ng mga mamamayan sa mga bayang kolonya at malakolonya.*

*Gamitin ang* **Apendiks Impe-5**


*Lagumin ang limang katangian ng imperyalismo bilang pagsasara sa seksyon.*

# II. PROLETARYONG REBOLUSYON SA PANAHON NG IMPERYALISMO

## 1. Bakit natin sinasabi na ang imperyalismo ay bisperas ng rebolusyong sosyalista?

**a.** Ang imperyalismo ay kapitalismo na nasa pinakahuling yugto nito. Ito ang yugto ng transisyon mula kapitalismo tungo sa higit na mataas na sistema – ang sosyalismo.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang* **Tanong 1** *at* **2.** *Gamitin ang* **Biswal Impe-7** *at itapat ito sa* **Biswal Impe-6b**. *Magbigay ng mga halimbawang naglalarawan at nagdidiin sa mga punto.*




IMPE 6b - ANG IMPERYALISMO AY NANGANGAHULUGAN NG DIGMA

IMPE 7 - PROLETARYONG REBOLUSYONG PANDAIGDIG SA PANAHON NG IMPERYALISMO

**b.** Ang pangkalahatang krisis ng kapitalismo ay kinatatampukan ng mga panahon ng matitinding antagonismong sinasalamin ng mararahas na labanan ng mga uri at mga digma bunga ng mga krisis ng labis na produksyon.

**k.** Ang pangkalahatang krisis ng kapitalismo ay dumaan na sa tatlong yugto at kasalukuyang nasa ikaapat na yugto.

**d.** Ang Leninismo, bilang Marxismo sa panahon ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon, ang naglinaw at naglagom sa mga pag-unlad sa teorya at praktika ng rebolusyong proletaryo sa panahong ito. Sa patnubay ng Leninismo, nagtagumpay ang mga rebolusyon sa maraming bayan at sumusulong ang pakikibaka ng proletaryado at mamamayan.

*Ilagay sa tsart ang mga yugto ng krisis ng imperyalismo. Sumangguni sa* **Timeline Impe-1** *at sa* **"Mga Kontradiksyon sa Pandaigdigang Sistemang Kapitalista at ang Pangangailangan ng Sosyalistang Rebolusyon"** *ni Jose Maria Sison.*

*Ipaliwanag ang apat na pangunahing kontradiksyon sa daigdig ngayon:*

- *Ang kontradiksyon sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at inaaping mga mamamayan sa mga kolonya at mala-kolonya;*
- *Ang kontradiksyon sa pagitan ng imperyalistang mga bayan at mga bayang naggigiit ng kanilang pambansang soberanya;*
- *Ang kontradiksyon sa hanay ng mga imperyalistang kapangyarihan;*
- *Ang kontradiksyon sa pagitan ng mga monopolyong burgesya at proletaryado sa loob ng mga imperyalistang bayan.*

## 2. Bakit sa panahon ng imperyalismo, ang mga pakikibakang anti-imperyalista sa mga kolonya at malakolonya ay bahagi ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo?

**a.** Sa panahon ng imperyalismo ang mga patakarang panlabas nito ay nagtutulak sa mamamayan ng mga kolonya at mala-kolonyang bayan upang higit pang palakasin ang kanilang pambansang pagkakaisa at igiit ang pambansang kalayaan laban sa dayuhang pagsasamantala at pang-aapi. Dahil dito, ang kanilang anti-imperyalistang pakikibaka ay obhetibo't di maiiwasang naging bahagi na ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon.


**b.** Para gapiin ang imperyalismo, ang mamamayan sa kolonya at malakolonya, ang proletaryado sa mga kapitalistang bayan at ang mga sosyalistang bayan ay kailangang magkaisa sa ilalim ng pandaigdigang kilusang anti-imperyalista at buuin ang anti-imperyalistang nagkakaisang hanay ng mamamayan ng buong daigdig.

**k.** Sa panahon ng imperyalismo, ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mga kolonya at malakolonya ay naging bahagi ng sentro-de-grabidad ng pandaigdigang kilusan at rebolusyong proletaryo.

*Talakayin ang kahalagahan ng anti-imperyalistang pakikibaka sa mga kolonya at malakolonya.*

*Ihalimbawa ang ating rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang demokrasya na may sosyalistang perspektiba.*

*Gamitin ang* **Biswal SPPPR-6***. Sariwain sa mag-aaral ang tungkulin sa proletaryong internasyunalismo.*




SPPPR 6 - PROLETARYONG INTERNASYUNALISMO

## 3. Ano ang rebisyunismo at oportunismo? Ano ang panlipunang batayan ng mga ito?

**a.** Ang rebisyunismo ay ang sistematikong pagbabago at paglihis sa mga saligang rebolusyonaryong prinsipyo ng proletaryado na inilatag nina Marx at Engels at higit na pinaunlad ng mga sumunod na teorista at lider ng proletaryong rebolusyong sosyalista.

**b**. Ang modernong rebisyunismo ay ang rebisyunismong sumibol sa loob ng mga partido komunistang nasa kapangyarihan.

**k**. Ang rebisyunismo at oportunismo ay mga impluwensyang burges at petiburges sa loob ng proletaryong partido at kilusan.

*Tuluy-tuloy na talakayin ang* ***Tanong 3*** *at* ***4.*** *Gamitin ang* ***Biswal SPPPR-2****.*

*Diinan ang makauring batayan ng rebisyunismo at oportunismo.*



SPPPR 2 - REBISYUNISMO

## 4. Bakit dapat bakahin at iwaksi ang rebisyunismo at oportunismo para maisulong ang anti-imperyalistang pakikibaka at proletaryong rebolusyon?

**a.** Ang paglaganap ng rebisyunismo ay nagbubunga ng malawakang kalituhan, kaguluhan, pagpapatumpik-tumpik at demoralisasyon sa hanay ng rebolusyonaryong pwersa at mamamayan.

**b**. Ang pakikibaka laban sa rebisyunismo ay di maihihiwalay na bahagi ng pakikibaka laban sa imperyalismo at pagsusulong ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon.

**k**. Ang patuloy na pagpapatatag at pagpapataas ng kamalayang MLM at ang patuloy na pagmamatyag at pakikibaka sa rebisyunismo at oportunismo ang pinakamahalagang tungkulin para matiyak na nagpupunyagi ang Partido sa wastong rebolusyonaryong landas.

*Ilinaw ang mga panganib na idinudulot ng rebisyunismo at oportunismo sa Partido at rebolusyonaryong kilusan.*

*Ipaliwanag na pinakadakilang ambag ni Kasamang Mao Zedong sa kabangyaman ng Marxismo-Leninismo at sa pandaigdigang rebolusyong proletaryo ang teorya at praktika ng nagpapatuloy na rebolusyon sa panahon ng diktadura ng proletaryado para bakahin ang rebisyunismo, pigilan ang panunumbalik ng kapitalismo at konsolidahin ang sosyalismo hanggang maging posible na ang komunismo.*

*Awitin ang "***Pahulaan."**

# PAGSASARA NG TALAKAYAN:

1. *Sumahin ang pangunahing mga puntong nailinaw.*

2. *Balikan ang mga layunin ng pag-aaral at magsagawa ng pagtatasa kung nakamit ang mga ito.*

3. *Awitin ang "***Pinggan."**

TIMELINE **IMPE** 1

## MGA YUGTO NG PANGKALAHATANG KRISIS NG PANDAIGDIGANG SISTEMANG KAPITALISTA

| 1900 UNANG YUGTO | 1920 IKALAWANG YUGTO | 1950 IKATLONG YUGTO | 1976 IKAAPAT NA YUGTO |
|---|---|---|---|
| Krisis sa sobrang produksyon na tumungo sa **WW I** | Malaking Depresyon na tumungo sa **WW II**<br><br>Keynesianismo<br>New Deal ni Roosevelt<br><br>US – pinakamalakas na kapangyarihang ekonomiko at militar sa hanay ng mga imperyalista. | Resulta ng:<br>- mga pinsala sa gera<br>- patuloy na paglakas ng mga rebolusyonaryong pwersa:<br>  - Sosyalistang rebolusyon at konstruksyon sa 1/3 ng sangkatauhan<br>  - Maraming bayan sa Asya at Africa ang nagdeklara ng pambansang kasarinlan.<br><br>Ideneklara ng US ang Cold War (1948)<br><br>Itinaguyod ng US ang rekonstruksyon ng Germany at Japan. Ang mabilis na pagbangon ng produksyong industriyal sa dalawang bansa na tumungo naman sa Panibagong Krisis sa Sobrang Produksyon at Kapital sa Pinansya. | Ang mga bayang imperyalista , mga pinaghaharian ng mga rebisyunista at ang nasa ikatlong daigdig ay pinahihirapan ng krisis sa ekonomya, sa lipunan at pulitika at tumungo sa tuloy-tuloy na pagdausdos.<br><br>1981- Neoliberalismo<br><br>Dekada '80 – nasalanta ang mga bayan sa ikatlong daigdig dahil sa paghigpit sa pautang at sa krisis sa sobrang produksyon ng hilaw na materyales at dinidiktahan ng IMF na sundin ang resetang neoliberal.<br><br>Lahat ng tatlong pandaigdigang sentro ng kapitalismo: ang US, Japan at European Union ay pinahihirapan ngayon, higit kailanman, ng krisis ng sobrang produksyon gayundin ng "pinalobong" kapital at ispekulasyon sa pinansya.<br><br>Ang pagitan ng pinakamahihirap na 20% ng populasyon sa daigdig at ng pinakamayamang 20% ay tumaas mula 30x noong 1968 tungong 78x noong 1995.<br><br>Pinakagarapal na pananalakay tulad ng mga gerang agresyon laban sa Iraq, dating Yugoslavia, Bosnia, Kosovo at Afghanistan. |
| Dakilang Rebolusyong Oktubre 1917 (USSR) | Paglitaw ng marami-raming sosyalistang bayan at ang malakas na pagdaluyong ng mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya. (Silangang Europa, North Vietnam, North Korea, Tsina) | Masayang wakas sa yugtong ito ang mga tagumpay sa mga rebolusyong pagpapalaya (Indotsina, Cuba at Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura). Gayunman, kasabay ng mga ito ang pagtataksil sa sosyalismo ng mga naghaharing rebisyunistang partido simula noong 1956 (estratehikong pag-atras para sa sosyalistang adhikain). | Sa ikatlong daigdig may ilang partido at kilusang masa na naglulunsad ng armadong rebolusyon (Pilipinas, Nepal, India, Peru, Turkey, Colombia, Iraq, Afghanistan, Eelam, at iba pa). Pagpapanibagong-sigla ng mga anti-imperyalistang kilusan at pakikibaka sa daigdig. Malaganap na kilusang protesta ng mga manggagawa sa mga imperyalista/kapitalistang bayan. Pandaigdigang kilusan ng mamamayan laban sa imperyalistang gera sa Afghanistan, Iraq, at iba pa. |




## HALIMBAWA NG **MEGAMERGERS** O **PAGSASANIB** NG MGA **DAMBUHALANG MONOPOLYONG KAPITALISTA** SA **ESTADOS UNIDOS** (1997-2000)

| Ranggo | Kumpanya | Halaga ng Pagbili/ Pagsasanib ($ bilyon) | Sektor ng Industriya |
|---|---|---|---|
| 1 | **America Online** at**TimeWarner** | 165.0 | Midya/Telekomunikasyon |
| 2 | **MCI-Worldcom** at **Sprint** | 127.2 | Telekomunikasyon |
| 3 | **Exxon** at **Mobil** (Nob. 99) | 86.4 | Petrolyo |
| 4 | **American Home Products** at **Warner-Lambert** | 76.1 | Industriya ng gamot |
| 5 | **Citicorp** at **Travellers** (naging **Citigroup**) | 73.1 | Pinansya |
| 6 | **WorldCom** at **MCI Communications** (Nob. 1997) | 40.0 | Telekomunikasyon |
| 7 | **Daimler-Benz** at **Chrysler** | 32.8 | Paggawa ng mga sasakyan |
| 8 | **First Union** at **Core States Financial Corp.** | 16.6 | Pagbabangko |
| 9 | **USA Waste Services** at **Waste Management** | 13.5 | Pangangasiwa ng basura |
| 10 | **AT&T** at T**eleport Communications Group** | 11.3 | Telekomunikasyon |
| 11 | **Compaq Computer** at **Digital Equipment** | 9.6 | Kompyuter |
| 12 | **3Com** at **Robotics** | 8.5 | Telekomunikasyon |

## APENDIKS **IMPE** 2

## ANG **MONOPOLYO** SA **LANGIS** SA DAIGDIG



Ang dating ***7 Sisters*** na may monopolyo sa langis sa daigdig ay apat na lang. Ito ay ang:

**ExxonMobil**
**Royal Dutch Shell**
**Chevron Texaco**
**BP Amoco**

Bunga ito ng pagsasanib at paglalamunan ng mga higanteng monopolyo sa langis. Ang Texaco at Chevron ay nagsanib noong 1999; nabili ng Mobil ang Exxon noong 1991 at ng British Petroleum ang Amoco noong 1998. Ang Gulf Oil na kabilang din sa 7 sisters ay nabili ng Chevron noong 1984.




## APENDIKS **IMPE** 3

## **OLIGARKIYA SA PINANSYA -** NANGUNGUNANG MGA KUMPANYA NG PINANSYA SA DAIGDIG NOONG 2001 *(BILYONG DOLYAR)*


1. Citigroup . . . . . . . . . . . . . . 259.7
2. American International . . . . . . . 207.4
3. HSBC Holdings . . . . . . . . . . 109.7
4. Berkshire Hathaway Witter . . . . 100.2
5. Bank of America . . . . . . . . . . 99.0
6. Fannie Mae . . . . . . . . . . . . . 79.5
7. Wells Fargo . . . . . . . . . . . . 73.7
8. J.P. Morgan Chase . . . . . . . . 71.7
9. Royal Bank of Scotland __ 69.4
10. UBS . . . . . . . . . . . . . 67.1
11. Allianz Group . . . . . . . 62.9
12. Morgan Stanley Dean . . 61.4
13. Lloyds TSB . . . . . . . . 60.3
14. Barclays . . . . . . . . . . 55.2
15. Credit Suisse . . . . . . . 51.3

## APENDIKS **IMPE** 4

## ANG **REHIMENG BUSH**



- PRES. **GEORGE W. BUSH** – dating Director ng Harken Energy Corp.; dating Pangulo ng ilang bumagsak na oil enterprises, kagaya ng Arbusto at Spectrum 7.
- VICE PRESIDENT **DICK CHENEY** – dating CEO ng Halliburton Energy Services Corp.
- NATIONAL SECURITY COUNCIL DIRECTOR **CONDOLEEZZA RICE** – dating Board of Directors ng Chevron. Isa sa mga oil tankers ng kumpanya ay ipinangalan pa sa kanya. May pag-aaring sapi sa Chevron si Rice na nagkakahalaga ng $225,000 sa isang blind trust.




APENDIKS **IMPE** 5

## PAUTANG

Mula sa **DATOS,** Kawanihan sa Instruksyon
ng Partido Komunista ng Pilipinas-Rehiyong Bikol, Enero-Marso 2002

Bakit nagpapautang ang mga monopolyo kapitalista? Isa itong mahalagang *outlet* para sa kanilang sobrang kapital na ginagamit para sa ibayo pang akumulasyon ng kapital. Dito, hindi lamang mula sa interes tumutubo ang mga dayuhang nagpapautang; nakakakuha rin sila ng labis labis-labis na pakinabang mula sa sari-saring kundisyong kanilang ipinapataw sa mga umuutang. Sa gayon, higit pang humihigpit ang pagsakal ng mga monopolyo kapitalista sa lokal na mga ekonomya.

**UTANG PANLABAS NG PILIPINAS, 1986-1999** *(milyong dolyar)*

**1986 - $26**
**1992 - $30,934**
**1993 - $34,282**
**1994 - $37,079**
**1995 - $37,778**
**1996 - $41,875**
**1997 - $45,433**
**1998 - $47,817**
**1999 - $51,172**
**2003 - $55,800**

**ILAN PANG *UPDATE* HINGGIL SA UTANG PANLABAS:**

1997 external debt payments $5.1 bilyon (P 132.6 B)
1998 external debt payments $4.7 bilyon (P122.2 B)

*Dahil sa debalwasyon ng piso (P26 ay naging P34,) may dagdag na P8 sa bawat dolyar na ibinayad. Kaya't ang 1997 bayad ay umabot sa P173.4 B at ang sa 1998 naman ay P159.8 B. May pagkakaiba ng P78.4 bilyon dahil sa debalwasyon. Sa halagang ito, maaaring lakihan ang badyet sa kalusugan nang 5x, at sa hawsing ng 37x.

APENDIKS **IMPE** 6


# MGA **NANGUNGUNANG MONOPOLYONG KUMPANYA** SA **DAIGDIG** NOONG 2000




| | Kumpanya | Kita ($ milyon) |
|---|---|---|
| 1 | Exxon Mobil | 210,392.0 |
| 2 | Wal-Mart Stores | 193,295.0 |
| 3 | General Motors | 184,632.0 |
| 4 | Ford Motor | 180,598.0 |
| 5 | DaimlerChrysler | 150,069.7 |
| 6 | Royal/Dutch/Shell Group | 149,146.0 |
| 7 | BP | 148.062.0 |
| 8 | General Electric | 129,853.0 |
| 9 | Mitsubishi | 126,579.4 |
| 10 | Toyota Motor | 121,416.2 |
| 11 | Mitsui | 118,013.7 |
| 12 | Citigroup | 111,826.0 |
| 13 | Itochu | 109,756.5 |
| 14 | Total Fina Elf | 105,869.6 |
| 15 | Nippon Telegraph & Tel. | 103,234.7 |
| 16 | Enron | 100,789.0 |
| 17 | AXA | 92,781.6 |
| 18 | Sumitomo | 91,168.4 |
| 19 | Intl Business Machines | 88,396.0 |
| 20 | Marubeni | 85,351.0 |
| 21 | Volkswagen | 78,851.9 |
| 22 | Hitachi | 76,126.8 |
| 23 | Siemens | 74,858.3 |
| 24 | ING Group | 71,195.9 |
| 25 | Allianz | 71,022.3 |
| 26 | Matsushita Electric Ind. | 69,475.3 |
| 27 | E. ON | 68,432.6 |
| 28 | Nippon Life Insurance | 68,054.8 |
| 29 | Deutsche Bank | 67,133.2 |
| 30 | Sony | 66,158.4 |
| 31 | AT&T | 65,981.0 |
| 32 | Verizon Commuinications | 64,707.0 |
| 33 | US Postal Service | 64,540.0 |
| 34 | Philip Morris | 63,276.0 |
| 35 | CGNU | 61,498.7 |
| 36 | J.P. Morgan Chase | 60,065.0 |
| 37 | Carrefour | 59,887.8 |
| 38 | Credit Suisse | 59,315.5 |
| 39 | Nissho Iwai | 58,557.3 |
| 40 | Honda Motor | 58,461.6 |
| 41 | Bank of America Corp. | 57,747.0 |
| 42 | BNP Paribas | 57,611.6 |
| 43 | Nissan Motor | 55,077.1 |
| 44 | Toshiba | 53,826.6 |
| 45 | PDVSA | 53,680.0 |
| 46 | Assicurazioni Generali | 53,333.1 |
| 47 | Fiat | 53,190.4 |
| 48 | Mizuho Holdings | 52,068.5 |
| 49 | SBC Communications | 51,476.0 |
| 50 | Boeing | 51,321.0 |
| 51 | Texaco | 51,130.0 |
| 52 | Fujitsu | 9,603.5 |
| 53 | Duke Energy | 49,318.0 |
| 54 | Kroger | 49,000.4 |
| 55 | NEC | 48,928.0 |
| 56 | Hewlett-Packard | 48,782.0 |
| 57 | HSBC Holdings | 48,632.8 |
| 58 | Koninklijke Ahold | 48,491.7 |
| 59 | Nestle | 48,225.0 |
| 60 | Chevron Texaco | 48,069.0 |
| 61 | State Farm Insurance | 47,863.1 |
| 62 | Tokyo Electric Power | 47,555.7 |
| 63 | UBS | 47,315.8 |
| 64 | Dai-ichi Mutual Life Insu. | 46,435.6 |
| 65 | American Intl Group | 45,972.0 |
| 66 | Home Depot | 45,738.0 |
| 67 | Morgan Stanley | 45,413.0 |
| 68 | Sinopec | 45,346.0 |
| 69 | ENI | 45,139.0 |
| 70 | Merrill Lynch | 44,872.0 |
| 71 | Fannie Mae | 44,088.9 |
| 72 | Unilever | 43,973.6 |
| 73 | Fortis | 43,830.9 |
| 74 | ABN AMRO Holding | 43,389.6 |
| 75 | Metro | 43,371.1 |
| 76 | Prudential (Britain) | 43,125.5 |
| 77 | State Power Corp. | 42,548.7 |
| 78 | RWE Group | 42,513.7 |
| 79 | Compaq Computer | 42,383.0 |
| 80 | Repsol YPF | 42,273.2 |
| 81 | Pemex | 42,166.8 |
| 82 | McKesson | 42,010.0 |
| 83 | China Petroleum | 41,683.7 |
| 84 | Lucent Technologies | 41,420.0 |
| 85 | Sears Roebuck | 40,937.0 |
| 86 | Peugeot | 40,830.6 |
| 87 | Munich Re Group | 40,671.6 |
| 88 | Merck | 40,363.2 |
| 89 | Procter & Gamble | 39,951.0 |
| 90 | WorldCom | 39,090.0 |
| 91 | Vivendi Unibersal | 38,628.3 |
| 92 | Samsung Electronics | 38,490.7 |
| 93 | TIAA-CREF | 38,063.5 |
| 94 | Deutsche Telekom | 37,834.4 |
| 95 | Motorola | 37,580.0 |
| 96 | Sumitomo Life Insurance | 37,535.8 |

APENDIKS **IMPE 6**

## US WAR INDUSTRY





Ang badyet ng US sa depensa ay mas malaki sa pinagsamang badyet ng 25 bansa.

Kalahati ng arms exports sa daigdig ay mula sa US:

10,600 nuclear warheads; $4 trillion gastos sa armas nukleyar mula 1945.

Aktwal na ginamit ang armas nukleyar sa gera: Hiroshima at Nagasaki (Mahigit 200,000 sibilyan ang namattay).

**US DEFENSE BUDGET**

1990: **US$416.8 B**
1998: **US$309.1 B**
1999: **US$325.3 B**
2000: **US$329.9 B**
2001: **US$346.5 B**
2002: **US$358.5 B**
2003: **US$396.8 B**
2007: **US$426.1 B**